## PANGANGARAL NG BIBLIA

*Ang Matandang Tipan:*
*TINUTURUAN NG DIYOS ANG KANYANG BAYAN*

**0 Paglikha**
**Pagtubos**
**Pagbanal**

Tatlong mukha ng layunin ng Diyos ang nakikita sa lahat ng pagkakaugnay niya sa sangnilikha:

- Mahal ng Diyos ang sangkatauhan. Dito natin nakikilala ang kanyang **katarungan** at **kagandahang-loob**, at sadya nating pinag-uusapan ang **paglikha** at **kalinga**.
- Pinipili ng Diyos ang pagkakalooban niya na mapalapit sa kanya sa pamamagitan ni Kristo. Dito natin nakikilala ang kanyang mahiwaga at mapagmahal na predestinasyon. At sadya nating pinag-uusapan dito ang **biyaya** at **pagbanal**.
- Gusto ng Diyos na isali ang mga pinili niya sa gawaing maghatid ng kaligtasan sa iba. Sa gawaing ito ng **pagtubos**, si Kristo ang Hinirang at **Tagapaglitas ng lahat**, ang natatampok.

**1A Diyos na maylikha. Diyos ng lahat ng tao**

**10** Gawa ng Diyos ang sanlibutan: Gen 1; Is 44:24; Slm 8:4, 19:2, 33:6. Diyos na **maylikha ng langit at lupa**: Gen 1:1; 14:19, 22. Lumikha ang Diyos mula sa wala. 2 Mac 7:28.

**11** Lumilikha ang Diyos **nang may karunungan**: Slm 104:24, lumilikha ang Diyos **sa pamamagitan ng kanyang karunungan**: Kas 8:22; Kar 8:6; Sir 24:9; o sa pamamagitan ng kanyang Espiritu: Slm 33:6, 104:30; Jdt 16:14. Lumilikha ang Diyos nang may sukat, bilang at timbang Kar 11:20. Nadidiskubre ng mga apostol na ang karunungang ito ay ang **Salita**, o ang **Anak** ng Diyos: Jn 1:3; Col 1:16. Sa pamamagitan niya, pinaplano ng Diyos ang takbo ng kasaysayan: Heb 1:2. Pinagugulang ng Diyos ang sangnilikha sa pagbubuhos dito ng kanyang Espiritu: Kar 1:1-7, 10, 11:20-12:2.

**12** **Nilikha tayo ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Anak**: inaari niya tayong mga anak "sa kanya": Gal 3:26-29, 4:4-7; Ef 1:3-4. At binibigyang-buhay ang tao sa pamamagitan ng kanyang salita at Karunungan: Dt 8:3; Kas 8:1-21; Lc 1:50-55. Mga halimbawa sa Ex 3; Hkm 6; 1 H 19:6-8; Jer 15:19-21. Tingnan din ang **153-156**.

**13** **Pinupuri ng sanlibutan ang maylikha sa kanya**. Slm 19:2, 148; Bar 3:34; Dn 3:56-80.

**14** Ang Diyos ang naghahari sa sanlibutan: Slm 33, 96; Pag 4:1-10. **Inaakay niya ang mga pangyayari** para sa kapakanan natin: Mt 6:31; Lc 12:5-7; Jn 16:23; Rom 8:28. Nililingap ng Diyos ang lahat ng kanyang nilalang: Slm 104; Jon 4:11; Kar 11:23-26.

**15** Kasali ang mga espirituwal na nilalang, na tinatawag na mga anghel, sa pagbuo ng sanlibutan at pagsasakatuparan ng mga plano ng Diyos: Zac 1; Ex 23:23; Tb; Dn 3:49; 9-11.

**16** Pinagpala ng Diyos ang sangkatauhan at ang pagbuti nito: Gen 1:28. Muli niya itong pinagpala pagkatapos ng pagkakasala: Gen 8:21, 21, 9. Siya ang Diyos ng lahat ng bansa: Dt 33:3; Mal 1:11; at ang tagapagligtas ng lahat: Jon 4:11.

**17** Pinarurusahan ng Diyos ang kasalanan (Gen 7:1), ngunit walang-maliw ang pag-ibig niya sa tao: Gen 8:21.

**18** **Nagbibigay ng mga tanda** ang Diyos **sa lahat ng tao** (Gawa14:17; Mt 2:1) at binibigyan din niya sila ng mga propeta na magpapaliwanag ng mga tandang ito: Blg 22-24; 1 S 6; Jon. May mga santo na di-kabilang sa bayan ng Diyos: Enoc (Gen 5:23), Melkisedek (Gen 14:18), Job at Daniel (Ez 14:14).

**1B Ang Diyos at ang kanyang mga hinirang**

**19** Gayunpaman, upang matapos ang kanyang gawain ng pagliligtas, hindi mula sa labas kundi sa balangkas ng kasaysayan, at sa pagsasaalang-alang sa mga kinakailangang pagbabago, **humihirang ang Diyos ng kanyang sariling bayan** na maghahatid ng kanyang mga pangako sa lahat ng bansa. Gen 12:3; Gal 3:8 at 14. Tingnan ang **37**. Tinutukoy ng Sagradong Kasaysayan ang hinirang na minoryang ito. Ipinakikita nito ang kanilang misyon at ang pamanang kaloob ng Diyos sa kanila. Ang Diyos na sumusugo sa kanila ang siya ring nagmamahal sa kanila magpakailanman. Tingnan ang kom. sa Lc 1:38; Ef 1:18 at 2:7-10.

**2. Ibinigay ng Diyos kay Abraham ang kanyang Tipan**

**20** Unang hakbang sa Sagradong Kasaysayan. **Tinatawag ng Diyos si Abraham**: Gen 12:1. Doble ang pangakong kasama ng tawag ng Diyos kay Abraham: bibigyan siya ng Diyos ng **mga inapo** (Gen 15:4; 18:10) at **lupa**: Gen 12:7.

**21** Gumagawa ang Diyos ng isang Tipan sa kanya. Mula noon, siya ang magiging **Diyos ni Abraham** at ng mga inapo nito magpakailanman. Gen 15:18; 17:7; Is 51:2.

**22** Ginagawa ng tipang ito si Abraham (at ang kanyang mga inapo) na lingkod ng Diyos at ng mga gawain niya sa mundo, upang **dumating ang pagpapala ng Diyos sa lahat ng bansa**: Gen 12:3; 28:14.

**23** Sa iba't ibang pagkakataon, ipinakikita ni Abraham ang kanyang pananampalataya sa mga pangako ng Diyos, na para sa kanya'y **walang imposible**: Gen 15:1-6; 22.

**24** Ipinakikita ng Diyos na mas nalulugod siya sa **pananampalataya** ni Abraham (Gen 15:6) at **pagsunod** nito (Gen 22:16; Jaime 2:21) kaysa pagtupad sa ilang gawaing panrelihiyon (Rom 4:3-4 at 4:19-22).

**25** Ginagawang **kaibigan ng Diyos** si Abraham ng kanyang pananampalataya: Is 41:8; Dn 3:35; Jaime 2:23, at nabubuhay siya sa piling ng Diyos pagkamatay niya: Lc 20:38.

**26** Dahil sa kanyang pananampalataya, si Abraham ay nagiging isang tao **na mahalaga sa mata ng Diyos**, at isinasaalang-alang siya kapag gumagawa ang Diyos ng mga desisyon. Gen 18:17-33; Is 41:9, 43:1, 49:4.

**27** Ipinakikita ng pananampalataya ni Abraham ang daan na dapat lakaran mula noon upang matanggap ang mga pangako ng Diyos: pananampalataya sa pangako ng Diyos (Rom 4:20) na nakabubuhay ng patay: Heb 11:17-19.

**28** Pinagtitibay ang Tipan kay Abraham sa kanyang mga inapo (Gen 28:10; 32:23; 49:28). Gayunpaman, patuloy pa rin ang tipan na ito sa pagiging kaloob ng Diyos na hindi ibinibigay sa lahat ng anak ni Abraham bilang karapatang pampamilya kundi ibinibigay lamang sa mga itinatalaga ng Diyos: Gen 21:12, 25:23; Rom 9:6-13.

**3. Si Moises at ang Exodo, ang Diyos na Tagapagpalaya at Makatarungan**

**30** **Nakikita ng Diyos ang pagdurusa** ng kanyang bayan sa Ehipto (Ex 2:24 at 3:7) at **naaalala niya ang kanyang tipan** kay Abraham (Ex 2:24 at 3:16). **Tinatawag** ng Diyos **si Moises** (Ex 3:1 at 6:28) para palayain ang Israel.

**31** Sa kulturang Hebreo, ang tagapagpalaya ng isang bagay o tao ay iyong bumibili o umaagaw nito sa may-ari para gawing kanya. Pinalalaya ang Israel mula sa kapangyarihan ng mga taga-Ehipto para maging sa Diyos: Ex 3:10 at 3:12, 19:4 at 19:6, 20:2 at 20:3.

**32** Ang Diyos na nagpapalaya sa Israel ang nagtuturo sa kanila ng kanya mismong **Pangalan**, o bahagi ng kanyang misteryo. Ang pangalang itatawag sa kanya ng Israel: **Yawe: Ako na Umiiral**. Ex 3:14-15. Tingnan ang komentaryo sa Ex 3:1 at Jn 8:12. Si Yawe, ang Siyang Umiiral, ang Siyang nagpapairal; ang Diyos na nagpapahalaga sa wala at sa walang-kwenta upang hamakin ang mga naniniwala sa sarili: 1 S 2:4-8; Slm 113:7; Rom 4:17; 1 Cor 4:7. Tingnan ang komentaryo sa Ex 3 at 4.

**33** Si Yawe ang **Kaisa-isang Diyos** (Dt 6:4) na **hindi mailalarawan** nang hindi nababawasan (Ex 20:4): lubos na naiiba sa lahat ng maiisip o maiimbento natin, o di kaya'y sa lahat ng nakikita (Dt 4:12). Nakikilala lamang natin siya sa pamamagitan ng kanyang salita (Dt 4:12; Jn 5:38). Laban sa **mga imahen**; Dt 4:15 at kom. sa Is 46:5 at Bar 6.

**34** **Banal** ang Diyos (Am 4:2; Os 11:9). Ang kahulugan ng kabanalan ay lakas, panloob at di-mapipigilan, isang enerhiyang sabay na umuubos at nagbibigay-buhay. Banal ang Diyos at banal ang kanyang pangalan (Am 2:7; Lev 20:3; Is 57:15). Walang makatatagal sa kanyang presensya kapag siya'y lumalapit (Ex 19:16; Is 6:1). **Hindi natin siya maaaring makita**: Ex 3:2, 33:20; Jn 1:18; Col 1:15; 1 Tim 1:17; kom. sa Gen 16:1. Hindi natin mahuhusgahan ang kanyang kilos: Is 40:21; Ez 18:29; Job 38, 42; Rom 11:33; 1 Cor 2:9.

**35** **Seloso** ang Diyos (Ex 20:5); hindi niya mapapayagan na lapastanganin ng isang estranghero ang kanyang hinirang o nilingap, ang kanyang hinirang ay binanal na (Blg 17:1). Hindi niya mapapayagang mabigo ang kanyang mga plano: Ez 36:22; Ex 32:12. Hindi niya maisusuko sa iba ang kanyang kaluwalhatian: Is 48:11. Tumutupok na apoy at selosong Diyos: Dt 4:24; Hb 12:29.

**36** **Makatarungan** ang Diyos. Pinatatawad niya ang kasalanan, ngunit hindi niya iniiwan itong walang parusa: Ex 20:5; Hkm 2:13-22; 2 S 12; Jer 3; Os 2-3. Ibinubunyag niya ang mga kasalanan: Jos; 1 H 21:20; Is 22:14; 2 Mac 12:38. Makatarungan ang Diyos at **hinihingi ng kanyang mga utos na tayo'y maging makatarungan**: Ex 20:1-17. Tingnan ang **50**.

**37** Ang kaisa-isang Diyos, Banal, Seloso at Makatarungan, ay Diyos na **gumagawa sa kasaysayan** at humihiling sa kanyang bayan na gayundin ang gawin, naiiba sa ibang mga diyos ng kalikasan (tingnan ang kom. sa 1 H 17). **Ang Diyos na Tagapagpalaya** (Ex 14:15; 16; 17) ay **humihingi rin ng paglupig sa lupain** ng Kanaan: Ex 34:11-13; Blg 14 at kom. sa Ex 32.

Mula noon, sa halip na guinitain na lamang ang nakaraan, ang relihiyon ng Israel ay aasa sa mga bagong paglaya (Hkm 4:6; 1 S 17; 2 H 18-19; 1 Mac 4; Lc 1:74; Gawa 1:6) at magkakaroon ito ng mga bagong adhikain: (Is 40-42; 65-66; Zac 8:20-23; Dn 7:26-27; Gawa 1:8.

**38** **Sa Sinai, ipinagdiriwang ng Diyos ang Tipan** kasama ang bayang magiging lingkod niya habang gumagawa siya sa kasaysayan: Is 49:1-9; Slm 2; Slm 149:6-9.

Ginagawa sila ng Diyos na **isang bayan ng mga pari at isang bansang itinalaga**: Ex 19:6, 24:3-11; 1 P 2:9. Pagpapanibago ng Tipan: Jos 8:30; Jos 24; 2 H 23:1; Ne 8. Gumagawa siya ng Bagong Tipan: Jer 31:31; Ez 36:22; Mal 3:1.

**39** Itinuturing ng tradisyong Hebreo si Moises na una sa mga propeta (Dt 18:18-20, 34:10-12). Ipinahahayag nito na si Moises ang unang nakakilala sa tunay na mukha ng Diyos: **Maawain** at **Maamo**, sagana sa **Pag-ibig** at **Katapatan**: Ex 34:1-9.

---

**4. Panahon ng mga Hari**

a) Itinuturo ng mga unang propeta na ang **Diyos ay Pag-ibig at Katapatan**

**40** Mula sa panahon ni David, magkakaroon ng propesiya sa Israel. Sasabihin ng mga propeta na ang Diyos nga ay Pag-ibig at Katapatan, lalo na sa Deuteronomio.

Pag-ibig at Katapatan sagot sa Salmo 89: mga bersikulo 2, 3, 15, 25, 29, 34, 50. Dt 7:9; 2 S 2:6.

**41** Ang **Pag-ibig** (o **Kaloob**, o biyaya) ng Diyos sa **Israel**. Hinihirang ng Diyos ang Israel na di-karapat-dapat (Dt 7:7, 9:5, 10:15); at ibinibigay sa kanya **ang lupain** (ang lupain ng Kanaan) bilang pamana: Dt 4:1, 4:38, 6:10. Inaari ng Diyos na **mga anak** ang mga Israelita: Dt 32:5-6; Os 11:1; Is 1:2.

Nagbibigay siya ng **kasaganaan sa Lupain**: Dt 7:12-15, 8:18-19. Sa kanya ang mga kaloob na ito kung susundin niya at mamahalin ang Diyos: Dt 4:40, 6:10-19, 11:12-21.

**42** Kapag binigo ng Israel ang Diyos, babawiin niya ang kanilang kasaganaan at lupain: Dt 4:24-31, 28:15-68. Ngunit pagkatapos parusahan ang Israel, papapanumbalikin siya ng Diyos na laging tapat: Dt 30:1-10. Maliligtas **ang nalabi ng Israel**: tingnan ang 1 H 19:18 at **60:67**. Ang Kapalaran ng Israel: hinirang, pinarusahan at pinapanumbalik: Dt 32. **Pagkatapos, mamahalin ko sila**: Hos 14:5.

**43** Ang **Pag-ibig** (o Kaloob) ng Diyos kay **David**. Ibinibigay sa kanya ang Kaharian, at inaari siyang anak: 2 S 7:12-16. Sa Israel, ang mga hari lamang ang itinuturing na mga anak ng Diyos: 2 S 7:14; Slm 89:27-28; Slm 2:7. Dahil sa pag-ibig niya kay David, nilingap ng Diyos ang kanyang mga inapo: 1 H 8:25, 11:34.

Dahil sa kanilang mga kasalanan, karapat-dapat silang talikdan ng Diyos: Jer 22:24. Ngunit maawain at tapat ang Diyos, kayat muli siyang magtatalaga ng isang inapo ni David bilang hari (tingnan ang **60-67**).

**44** **Katapatan** o **Katotohanan**: parehong salita ito sa Hebreo at katulad ito ng **amen** na ang kahulugan ay: Oo nga! (2 Cor 1:17-20). Tapat ang bawat salita ng Diyos at matutupad ito: 1 H 8:26; Ne 9:33. Hindi mapapabulaanan ang katapatan ng Diyos sa Israel: Rom 11:28; 15:8.

**45** Dapat ialinsunod ng mga hari ang pulitika sa mga hinihingi ng Tipan (Dt 17:16-20; 1 H 13; 2 H 9:6-10). Samantalang tinutuligsa ng mga pari ang pagsuway sa Batas ng Diyos (2 Kro 26:16), nakapako naman ang pansin ng mga propeta sa lahat ng nagtatatwa sa diwa ng Tipan: 2 Kro 20:36; 2 Kro 25:15.

---

**5. Panahon ng mga Hari**

b) Nagsasalita ang mga dakilang propeta tungkol sa **Pag-ibig, Katarungan at Kababaang-loob**

**50** **Mamahalin mo ang Diyos** ng iyong buong puso, buong kaluluwa…: Dt 6:4. Ang pag-ibig sa Diyos **ay mas mahalaga kaysa pagsamba**, isang panloob na saloobin, Os 6:6 at magagastos na handog: Mik 6:7-8; Jer 2:2.

**51** **Ang pagkakilala sa Diyos** ang pinanggagalingan ng tunay na pag-ibig: Is 1:3; Jer 31:34; Os 2:22, 3:5. Ang makilala ang Diyos ay **ang makilala ang kanyang paggawa** sa mga pangyayari: Is 1:1-6, 22:8-14, 28:23-29, 30, 31:1-9, 42:18-25; Jer 6:10-16; Am 4:4-13; at makinig sa kanyang mga propeta: Is 6:9-12, 8:11-18, 41:21-29; Jer 13:15-17; Am 5:6-8; Zac 7:9-12.

**52** Pag-ibig at pagkakilala sa Diyos ang magiging mga bunga ng **Bagong Tipan**, mga kaloob ng Diyos: Jer 31:31; at **pagkilos ng Espiritu**: Ez 36:27-30; Jl 3:1-2; ang tipan ng Diyos sa **mapagpakumbaba** at dukha sa espiritu Zac 3:11.

**53** Ang Tipan ay kinakailangang maging **tunay na kasal**. Israel, ang nobya ni Yawe: Is 54, 61:10, 62:1-5. Inihahambing ang Israel sa **taksil na nobya**: Os 2; Jer 2-3; Ez 16 at 23. Ang gaganaping kasal sa Pag-ibig at Katapatan: Os 2:20-25; Jn 1:17; Pag 21:2-4, 21:9.

**54** Humihingi ng **katarungang panlipunan** ang Diyos na Makatarungan at Banal. Magbalik sa isang lipunan ng pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran: Jer 34:8-19. **Maniniil** ang mayaman: Is 5:8-9; Mik 3:9-11; Mic 2:9. Di-pagkakapantay-pantay: pinagmumulan ng **karahasan**: Is 5:7; Ez 22:23-25, 24:6-8; Am 5:7-13; Mik 2:1-5. **Mga di-makatarungang batas**: Is 10:1-2; Am 5:7.

**55** Ang Diyos ay **nasusuklam sa kayabangang** nanggagaling sa pera: Is 2:6-22, 3:16-24; pati sa kayabangang nanggagaling sa kapangyarihan: Is 14:5-21, 36:22-29, 47; Hb 2:6-13.

**56** Naghahanda ang Diyos ng isang mapagwasak na **Paghuhukom**, na tinatawag na **Araw ni Yawe**: Is 1:24-28; Am 5:14-21; Sof 1:14-18, 3:1-8. Paghuhukom na muling magtatatag ng katarungan: Is 2:1-5, 4:2-6; Ez 34; at maghahatid ng pangwakas na kapayapaan: Is 9:1-7,

11:1-9, 32:15-20. Naghahanda ang Diyos ng isang **Lunsod ng Katarungan**: Is 1:26, 60; Zac 8:1-17 at **Tagumpay para sa mapagpakumbaba**: Is 26:1-6; Sof 3:12-18, at **Kaginhawahan para sa mga api**: Is 61:1-3.

**6. Diyos na Manunubos at ang kanyang Mesiyas**

**60** Sa Biblia, pareho ang kahulugan ng mga salitang **Pagtubos** at **Pagpapalaya**. Pinalalaya ng isang tao ang isang bagay o tao na nasa ilalim ng kapangyarihan ng iba upang maging kanya ito/siya: Halos katulad ito ng pagbili. Tingnan sa Lev 25 ang pagtubos ng alipin at mga lupa. Meron pa sa Ruth 2:20, 3:13, 4.

**61** Pinalalaya ng Diyos na Manunubos ang kanyang bayan mula sa kapangyarihan ng mga banyaga: Hkm 2:13-17; Dt 4:34; Ex 20:1, 3:8. Pagkatapos ng unang paglaya mula sa Ehipto at marami pang ibang paglaya (Hkm 3; 4; 1 S 7; 2 H 19), nagiging malinaw sa panahon ng Pagkakatapon na nalalapit na ang pangwakas na paglaya: Is 40, 41:8, 43:1-7.

**62** Pinaaasa rin niya sila na sa pagliligtas niya sa kanyang bayan, bibigyan niya ng kapayapaan ang buong mundo: Gen 12:3; Is 49:6. Nabuo ang pag-asang ito kay Haring David: Inakala ng Israel na natagpuan na nila ang perpektong hari sa **pinahiran na ito (o Mesiyas)**. Tinutukoy siya ng Gen 49:10; Blg 24:7 at 17.

**63** Pagkatapos, itinuring nilang sagrado si David at ang mga inapo nito, at inasahan nila ang pagdating ng isang **Mesiyas na katulad ni David**: Slm 132; Slm 72; Jer 30:9. Ngunit naunawaan din nila na hihigtan ng Mesiyas ang lahat ng hari ng mundo at magtatatag siya ng kaharian ng katarungan at kapayapaan: Is 4:2, 9:1-7, 11:1-9; Slm 2; Slm 110.

**64** Sa panahon ng Pagkakatapon, nakikita ng sumulat ng ikalawang bahagi ng Isaias sa mga nanampalatayang nalabi ng Israel ang **Lingkod ni Yawe**, kasangkapan ng kanyang pagliligtas: Is 49:1-6, 50:1-9, 52:13-53:12.

**65** Ang anyo ng Nagdurusang Mesiyas ay makikita rin sa Zac 12:10-12. Sa Dn 7:13, ang Anak ng Tao, na galing sa Diyos mismo, ay larawan marahil ng Banal na Bansa (7:27). Gayunpaman, ituturing ito ni Jesus na pagpapahayag sa kanya: Mt 24:30 at 26:64.

**66** Pinapag-aalinlangan tayo ng ilang teksto ng Biblia. Hindi ba ang Diyos mismo ang dadalaw sa kanyang bayan upang makipagtagpo sa mga naghihintay sa kanya? Is 25:6-10, 52:7-12, 63:19; Sof 3:14-18; Zac 2:14-17.

**67** Kapag nagsasalita ang Biblia tungkol sa Pastol na maghahari sa Israel, kung minsa'y tinatawag siyang Haring Mesiyas (Jer 23:4; Mik 5:4; Zac 13:7), at kung minsan nama'y Diyos (Is 40:11; Mik 7:14; Awit ng Mga Awit 2:16; Slm 23:1; Slm 28:9, 80:2) at madaling pinagsasama ang isa sa isa (Ez 34:11-25).

**7. Panahon ng Judaismo: ang relihiyon ng Batas**

**70** Ang **Batas** ay nangangahulugan kung minsan ng lahat ng batas ng Biblia (Mt 22:36), o ang Biblia mismo (Jn 12:34) o, kung minsan, ang relihiyong Judeo (Gal 2:19). **Ang Batas at ang mga Propeta**, o **ang Batas, ang mga Propeta at ang mga Salmo**, ay dalawang paraan ng pagtukoy sa Biblia (Mt 7:12; Lc 24:44).

**71** Ipinakikita ng Batas ang dalawang pangunahing kahilingan: **Katarungan** at **Kabanalan**. Kabanalan, na ibig sabihi'y paggalang sa Diyos at sa mga alituntunin ng kalinisan. Ang una ay matatagpuan sa Sampung utos ni Moises (Ex 20:1-17) at ang ikalawa ay sa mga utos ng Diyos na ipinahahayag sa Ex 34:10-26.

**Mga Batas ng Katarungan**: Ex 21-22; Lev 19:10-18; 19:35-36; Dt 19 at 24.

**Mga Batas ng Kabanalan**: Lev 17-18; Dt 23.

**72** Ang Batas ay kapwa pagpapahayag ng kalooban ng Diyos at ng kulturang

Judeo. Sa Batas, nakikita natin ang pagsisikap ng Diyos na baguhin ang mga kaugalian ng Israel at turuan ang mga mananampalataya: Ex 15:15; kom. sa Lev 8:11, 11:1, 24:17.

**73** Ipinakikita ng batas ang kaibhan ng mga karaniwang araw at mga araw na **nakatalaga sa Diyos,** ang **Sabado**: Gen 2:3; Ex 20:8, 23:12, 34:21; Blg 15:32; 28:9-10. **Mga Bagong Buwan**: Blg 28:11-15. Ang tatlong pista ng **Paskuwa**, **Mga Sanlinggo (Pentekostes)** at **Mga Tabernakulo** (o mga kubol): Dt 16; Ex 23:14-17; Lev 23; Blg 28:11-31; Blg 29:1-6 at 12-39.

Sadyang tungkol sa **Paskuwa**: Ex 12:1-17 at 43-51.

Ang **Araw ng Pagbabayad-puri**: Lev 16; Blg 29:7.

**74** Itinatakda ng Batas kung ano ang **malinis** at **di-malinis**, o di kaya'y ang mga kinakailangan para sa pagsali sa pagsamba sa Diyos: Lev 15:31.

**Pagtutuli**: Lev 17:9-14; Ex 12:48.

Kalinisan **sa seks**: Lev 21:1-8; Lev 15.

**Mga sakit**: Lev 13-14.

**Pagdiit sa patay** at sa mga di-malinis na hayop: Lev 11:24-40; Lev 21:1-12; Lev 17:15-16.

**Huwag paghaluin** ang mga materyales o guwarnisyunan ang mga hayop na magkaibang uri: Lev 19:19.

**75** Ipinagbabawal ng Batas ang ilang **pagkain**.

**Dugo**: Gen 9:4; Dt 12:16; Lev 17:10-14.

**Taba**: Dt 14:21; Lev 7:22-25.

**Ilang hayop**: Dt 14:3; Lev 11:1-23.

**76** Kasama sa Batas ang **moralidad sa seks**: Ex 21:7-11; Lev 18, 20:11-21, 21:13-15; Dt 22:13-30.

**77** Ang Batas ay **nagtuturo ng pagkakaisa sa loob ng bayan ng Diyos**. **Mamahalin mo ang iyong kapwa** (mula sa parehong lahi o bayan): Lev 19:18, ngunit itinataguyod nito ang pakikipaghiwalay at **pagkamabalasik sa mga banyaga**: Ex 23:32; Dt 23:4 at sadyang ipinagbabawal nito ang pag-aasawa ng mga babaeng banyaga: Dt 7:3-5. Mga uri ng **pakikiisa sa mga dukha**: Ex 22:25-27; Dt 22:1-4, 24:10-22, 23:20; Lev 19:9-11, 23:22. Paggalang sa mga pinabayaan, **mga balo, mga ulila,** at **mga estranghero**: Ex 22; 22-24.

Ang **Taon ng Magandang Pahayag:** Lev 25:13.

**78** Itinuturo ng Batas ang **tungkol sa mga kaloob sa Diyos at sa kanyang mga pari**:

**Ikapu**: Ex 23:19, 34:26; Blg 18:21-32; Dt 14:22-29.

**Mga handog**: Lev 1-7.

**Mga kusang handog**: Ex 25:1; Blg 6; Dt 16; 16-17.

Mga karapatan ng **mga pari**: Lev 7:9, 7:34-36; Blg 18:18-25; Dt 18:8-19.

---

**8. Pangangaral ng Karunungan**

**80** Sa Biblia, **si Solomon ang una at huwaran ng mga pantas**: 1 H 4:29-34; Sir 47:14. Ang panaginip at paghatol ni Solomon: 1 H 3. Ang ilang aklat ng karunungan na sinulat pagkatapos niya ay ipinalalagay na sinulat niya: Kas 1:1; Ecl 1:1; Kar 9:12.

**81** **Ang kahulugan ng karunungan**: praktikal na kaalaman para pamahalaan ang sambahayan at magkamit ng tagumpay: 1 H 10:6; Ez 28:1-7.

Ang kakayahang isaayos ang sariling buhay ayon sa Batas ng Diyos: Kas 16:1-11; Sir 15:1-3; 24:23-30.

**82** Paano **makakamtan ang karunungan**? Kaloob ng Diyos ang karunungan: Sir 1:1; Kar 6:14-16, 9:1-6. Matatagpuan ito sa mga kasabihan ng mga pantas at sa pagninilay sa kanilang mga salawikain: Kas 1:6, 13:20; Sir 6:34-36; sa pangingibabaw sa kapritso ng sarili: Sir 11:1-10, 23:1-7; Kas 16:32, sa pagtitiyaga sa mga pagsubok: Sir 2:1-14 at sa pag-aaral: Sir 6:23-33; sa pagninilay sa Batas: Sir 32:7-24, 39:1-11, 51:17-21; Slm 119; at sa pagninilay sa sariling karanasan: Ecl 1:12-18, 2:1-11, Sir 34:9-11.

**83** Itinatanong ng mga pantas: **Ano ang tao?** Halos buong Matandang Tipan ay sinulat ng mga Judio ng kulturang Hebreo at ipinahahayag nito ang mga kuru-kuro ng kulturang iyon na, di-tulad ng sa atin, di nakikita ang kaibhan ng espirituwal na bahagi ng tao, o kaluluwa, sa materyal na bahagi, o katawan. Sa halip, nakita nila ang tao na isang buo at kapag sinasabi nila ang tungkol sa laman, katawan, at puso, ang tinutukoy nila ay ang iba't ibang aspekto ng tao. Tinatawag na **laman** at **dugo** ang tao dahil isa siyang nilalang na may kamatayan. Tinatawag na **kaluluwa** ang tao dahil isa siyang nilalang na nabubuhay. Ang kahulugan ng **kaluluwa** ay hininga (Gen 2:7 at 7:22) at madaling pinag-isa ng mga Judio ang hininga at buhay (Slm 104:29). Bukod dito, pinaniwalaan nilang nasa dugo ang buhay (Lev 17:10-14). Ang kahulugan ng **espiritu** ay pagkabukas sa Diyos. Ang tinutukoy ng **puso** ay ang kalooban ng tao at hindi lamang ang kanyang damdamin kundi pati ang kanyang isip at konsiyensiya. Kalimitan, ang dapat nating gamiting pagsasalin sa **aking kaluluwa** ay: aking sarili, aking buhay, o **ako**. Kaiba sa mga hayop, ang kaluluwa ng tao ay nakakatanggap ng bagay na sa Espiritu, o **hininga** ng Diyos (Gen 2:7). Ang espiritu ay kapwa espiritu ng tao at Espiritu ng Diyos sa isang tao (Ecl 12:7).

**Ang tao ay malaya at may pananagutan** sa kanyang ginagawa: Sir 15:11-21 at 17:3-14.

**Ang tao ay makasalanan** mula sa pagsilang: (Slm 51:7; Job 10 at 13). Ang bigat ng kasalanang pasan niya ay bunga ng kasalanan ng kanyang mga ninuno. Siya ang nababata ng mga bunga ng mga kamaliang iyon: Gen 3; Jer 31:29; Lm 5:7; Slm 106:6; Tb 3:3. Ang malaking kasamaan para sa tao ay ang **kamatayan**: Job 14; Ecl 3:18-22, 6:1-10, 8:7; Sir 41:1-8.

**84** **Ano bang dapat sa babae at sa lalaki?** Pinagtitibay sa simula ng Biblia ang pagkakapantay ng babae at lalaki: tingnan ang mga komentaryo sa Gen 1:26 at 2:20. Gayunpaman, salungat ito sa takbo ng **kulturang Hebreo na kumikiling sa lalaki**. Ang kababaan ng babae, na inaamin ng Batas (Dt 24:1; Blg 5:11; Lev 27:3-7) ay sinang-ayunan ng mga pantas: Ecl 7:27-28. Pinalalabas na ang babae ang may pananagutan sa mga kasalanan ng lalaki (Kas 7:5-27); dapat siyang bantayan (Sir 42:9-12, 25:15-26) at pinupuri siya kapag naglilingkod nang mabuti sa kanyang asawa: Kas 31:30-31; Sir 36:23-26. Sa Awit ng mga Awit na lamang kinikilala ang pagkakapantay niya sa pag-ibig.

**85** **Ang trabaho** at pagsisikap ng tao ang mga batayan ng kahusayan: Kas 6:6-11, 27:23-27; Sir 7:15. Pinagiging okupado ng trabaho ang tao (lalo na ang mga alipin) at disiplinado: Sir: 33:25-28; gayunpaman, hindi ito ang lahat sa buhay: Ecl 2:4-11, 4:7-12.

**86** Tungkol sa **relasyong panlipunan**, pinapayagan ang kaayusang panlipunan na kumikilala ng kaibhan ng mayaman at mahirap, hari at tauhan: Ecl 5:7-8, 4:1-3; Sir 8:1-3. Iginagalang ang hari bilang kinatawan ng Diyos: Kas 16:10 at 24:21. Gayunpaman, delikadong sumama sa kanya (Ecl 8:2-4; Sir 13:9-10) at kinatatakutan ang kanyang mga kapritso: Kas 16:12-15.

Dapat bantayan ang mga tauhan (mga alipin) pati ang kabataan (Sir 33:25-30); hindi mapapagkatiwalaan ang kanilang kalayaan at dapat silang pangaralan nang mahigpit: Sir 30:1-13.

**87** Para magbigay-kasiyahan sa Diyos, dapat tayong maging **mapagpakumbaba** (Sir 10:6-26), **maawain** (Sir 28:1-7) at **mapagbigay sa mga dukha** (Job 30 at 31; Sir 4:1-10, 29:1-13).

**88** **Paano ginagantimpalaan ng Diyos** ang makatarungan? Hindi pa alam ng mga pantas ng Matandang Tipan ang tungkol sa kabilang buhay (Ecl 3:17-22, 8:7-8; Sir 17:27-30). Kaya, dahil alam nilang makatarungan ang Diyos, sinikap nilang siyasatin ang pagganti ng Diyos sa buhay na

ito. Makatarungan ang Diyos at hindi niya pinababayaang hindi napaparusahan ang masasamang tao (Job 18 at 20). Ginagantimpalaan ng Diyos ang kanyang mga tao, kung hindi man ng pera o mahabang buhay (Kas 10:22-30, 11:20-21; 13:21-23), ay kahit ng kapayapaan at kaligtasan man lamang. Maaaring subukin niya sila (Job 36, Kar 3:1-6) ngunit sa dakong huli ay gagantimpalaan sila ng Diyos: Kar 3:5; Sir 1:23, 11:21-26. Gayunpaman, may ilang nagpapakita ng maraming kataliwasan sa pagganting ito: Job 21 at 24; Ecl 7:15-16, 8:11-14. Tingnan din ang **90-92**.

**89** **Karunungan ng Diyos** at karunungan **ng tao**. Unti-unting nakakakita ang mga pantas ng isang bagay sa Karunungan ng Diyos na iba kaysa Diyos bagamat kaisa niya: Kas 8:22 at 30. Sa pamamagitan ng Karunungan, nilikha ng Diyos ang mundo (Kas 8:22-30; Sir 24:3-4) at nagniningning sa kanya ang Karunungan: Sir 43. Sinasagutan ng Karunungan ang pagsulong ng plano ng pagliligtas: Kar 10 at Sir 24:9-29. Lubusang dinadaig ng Karunungan ang isip ng tao (Job 9 at 28, Ecl 3:10) at inihahatid lamang ito sa pamamagitan ng pagbubunyag ng Diyos (Bar 3:9-29 at 4:1-2; Sir 24:8-12 at 23-25). Ang Karunungan ay **sustansiyang lumalabas sa bibig ng Diyos**: Dt 8:3; Kas 9:5; Sir 24:3 at 19; Slm 19:11 at 81:17.

**9. Ang Muling Pagkabuhay at ang kabilang buhay**

**90** Ayon sa aral ni Jesus (Lc 24:27) ipinahahayag ng buong Biblia ang Muling Pagkabuhay. Sa pagsasabi ng Biblia tungkol sa isang Tipan ng Diyos na buhay at ng taong may kamatayan, ipinauunawa sa ating kinakailangan ng Diyos na maging bahagi tayo ng kanyang buhay magpasawalang-hanggan: Ex: 3:6 at Mc 12:26; Slm 16:11, 23:6, 73:25-26.

**91** Pero hindi ito nakita ng mga mananampalataya ng Matandang Tipan, na ang pinag-uusapan lamang ay isang malungkot at kakatwang pananatili sa **Sheol**, o Pook ng mga Patay: Is 38:18-19; Slm 88:12-13, 115:17-18.

**92** Ang pag-uusig sa panahon ng mga Macabeo ang pumilit sa kanilang magnilay sa kapalaran ng mga martir at naging malinaw sa kanila na hindi magkakaroon ng katarungan ng Diyos kung **hindi niya ibabangon (bubuhaying muli)** ang mga ito para maging bahagi ng kanyang maligayang buhay. Hindi nakita ng kulturang Hebreo ang kaibhan ng katawan at ng kaluluwa (tingnan ang 83), kaya sinabi nila na lilitaw ang tao mula sa alabok, o mabubuhay silang muli sa araw ng Paghuhukom: Dn 12:2; 2 Mac 7.

**93** Noong panahong iyon, naimpluwensiyahan ng kulturang Griyego ang Israel: nakita ng mga Griyego sa bawat tao ang isang bagay na materyal, ang **katawan**, at ang **kaluluwa** (na nagbibigay-buhay), na kalimita'y iba kaysa espiritu, na naghahanap ng katotohanan at kabutihan: 1 Tes 5:23. Dahil dito, sinasabi ng Karunungan, ang huli sa mga aklat ng Matandang Tipan, na **walang kamatayan** ang kaluluwa (o espiritu) at nakakatagpo nito ang Diyos sa kamatayan (Kar 2 at 3). Makikita pagkatapos ang matibay na paniniwalang ito sa lahat ng aklat ng Bagong Tipan: Mt 10:28; 2 Cor 5:1-8.

## *Ang Bagong Tipan:*
## *ANG PANANAMPALATAYA NG MGA APOSTOL*

**10. Ang persona ni Jesus. Sina Jesus at Maria**

**100** Pagkatapos magsalita nang maraming beses sa pamamagitan ng mga propeta, nagsalita ang Diyos **sa huling pagkakataon** sa pamamagitan ng kanyang Anak (Heb 1:1) nang dumating na ang kapunuan ng panahon (Gal 4:4). Si Jesus ang kaisa-isa at walang-hanggang **Anak** (Col 1:13-15), ang **Salita** na nasa Diyos, at ang Diyos na kaharap ng Ama (Jn 1:1; Pag 19:13).

**101** **Nagkatawang-tao** ang Anak ng Diyos (Jn 1:14). Si Jesus, na taong tunay at hindi aparisyon o Diyos na nagbalat-kayong tao, ay nagmistulang alipin at namatay sa krus (Fil 2:6-11; Gal 4:4). Maliban sa Transpigurasyon (Lc 9:32), ang luwalhating taglay niya bilang Anak ay hindi napakita sa kanyang pagkatao (Jn 1:15 at 17:5); kundi minabuti niyang lumago sa pamamagitan ng pagdurusa tulad ninuman (Heb 5:7-8). Sa simula pa, **namamalayan** na ni Jesus kung sino siya (Lc 2:49; Heb 10:5). Gayunpaman, hindi ibig sabihin nito na alam niya ang lahat ng bagay (kom. sa Mc 6:2) sapagkat nadiskubre niya nang unti-unti ang hinihingi ng kanyang misyon (kom. sa Lc 3:21; at 9:31).

**102** **Si Jesus ay inilalagay sa ating kasaysayan.** Inilulugar ng Ebanghelyo ang kanyang pagsilang (Lc 2:1; Mt 2:12:1; Jn 7:42); ang simula ng kanyang pangangaral sa madla (Lc 3:1-2; 3:22); at ang kanyang pagkamatay sa panahon ni Pilato, ang gobernador, at ni Caifas, ang Punong Pari (Jn 11:49). Ipinanganak siya sa Betlehem, lumaki sa Nazaret (Mt 2:23; Lc 4:16) at dito siya nagtrabaho; hindi siya kailanman umalis para maging alagad ng sinumang panginoon (Jn 7:15).

**103** Nagsisimula si Jesus sa pamamagitan ng pangangaral **sa mga sinagoga** (Lc 4:15; Mc 1:21) at pagsisimula ng **Paghahari ng Diyos** (Mc 1:15 at **110-118**). Nagtitipon siya ng mga tao (Mt 5:1; 14:14). Pagkalipas ng kaunting panahon, nagkaroon ng **krisis** (Jn 6:66) at inilaan ni Jesus ang sarili sa **pagbuo ng kanyang mga disipulo** (Mc 9:30) na siyang magiging pinakapuso ng kanyang **Iglesya** (Mt 16:16; Lc 22:24-32). Pagkatapos, naghahanda siya para sa kanyang **kamatayan (130-138)** na kinoronahan ng kanyang **Muling Pagkabuhay** (tingnan ang **140-148)**. Si Jesus ay **gumawa ng mga milagro** tulad ng mga propeta ngunit sa naiibang paraan, tulad ng isang may kapangyarihan ng Diyos (Mc 2:27; Mt 5:21, 5:28, 5:32. Madali niyang inilalagay ang sarili sa lugar na nauukol sa Diyos (Mc 2:1-12; Lc 7:36-50, Mc 8:34-38). Inihahayag niya na **kaisa niya ang Ama** (Mt 11:26-27; Jn 5:18, 8:58, 10:30, 10:37-38).

**105** Palaging tumatanggi si Jesus na tawaging anak ng Diyos (Mc 3:11, 5:7) sapagkat ibinibigay ang titulong ito ayon sa tradisyon sa mga hari ng Israel (2 S 7:14; Slm 89:27), at si Jesus ay anak sa napakaibang paraan. Mas gusto niyang tawaging **Anak ng Tao** (Mt 26:64) sa pagtukoy sa Daniel 7:13 (tingnan ang 65). Subalit nakilala si Jesus, una, ni Pedro, (Mt 16:16) at pagkatapos, ng Iglesya, bilang **Anak ng Diyos** (Gawa 9:20). Tingnan ang **140-145**.

**106** Ang walang-hanggang Anak ng Ama ay hindi bumaba sa sangkatauhan mula sa langit, kundi isinilang mula sa isang bansa, ang Israel, **ng isang babae** (Gal 4:4), si Maria, na kasama sa kaisa-isang paraan sa pan-Diyos na plano ng Ama (kom. sa Lc 1:26). Ang siyang tatanggapin nang malugod ng "birhen ng Israel" (Is 7:14; Zac 2:14, 9:9) ay isinilang **ng isang inang birhen** (Mt 1:18; Lc 1:26 at kom. sa Mc 6:1). Ang pananampalataya at pagsang-ayon ni Maria ang nagpahintulot na maisakatuparan sa kanya ang gawain ng Espiritu (Lc 1:45).

**107** **Namamagitan** si Maria sa Ebanghelyo: para sa pagbanal kay Juan Bautista (Lc 1:39); para simulan ni Jesus ang kanyang pangangaral (Jn 2; Cana) at para tanggapin tayo nang malugod bilang mga ampon (Jn 19:25). Binabanggit siya sa pagsilang at pagkabata ni Jesus (Lc 2; Mt 2). Ipinababatid sa atin ng dalawang teksto na ang kadakilaan niya ay hindi nanggagaling sa pagkapanganak niya kay Jesus kundi sa kanyang pagiging huwaran ng mga mananampalataya (Mc 3:31; Lc 11:27). Binabanggit din si Maria sa unang buod ng Iglesya (Gawa 1:14).

**108** Narito ang ilang **teksto ng biblia** na makakatulong sa atin na ihayag ang kahulugan ni Maria sa Diyos at sa Iglesya: Gen 3:15; Is 7:14; Awit 4:12-16; Kas 8:22-31; Jdt 13:18-20, 16:9-10; Pag 12.

**11. Ipinahahayag ni Jesus ang Paghahari ng Diyos**

**110** Nagsisimula si Jesus sa pamamagitan ng pagpapahayag ng bagong panahon, na inihayag na ng mga propeta, **ang panahon ng kagandahang-loob ng Diyos** (Mc 1:14; Lc 4:21, 4:19).

**111** Inihahayag ni Jesus ang **Kaharian ng Diyos** (o ang **Kaharian ng Langit:** Mt 5:1 at kom ng Mt 6:9). Ang mga milagro niya ay mga tanda na nasa piling na ng sangkatauhan ang Kaharian ng Diyos (Mt 11:26; Lc 17:21) **na may kapangyarihang magpagaling** sa lahat ng kanilang sakit: Mt 9:35.

**112** Ang Kaharian ng Diyos ay nangangahulugang **nagpapakilala ngayon ang Diyos bilang Ama** (Mt 6:1, 6:9, 6:18) at dapat siyang kilalanin nang gayon ng kanyang mga anak (Mt 11:26-27). Ang buong kabaguhan ng Kaharian ay ang bagong pagkakilala sa Diyos (Jn 4:23), ang pagkakilala sa ama (Jn 7:28-29) at sa Anak (Jn 17:3), na pumapawi sa lumang larawan ng Diyos na nagpaparusa (Lc 9:54 at 14:2; Jn 9:3) nang may malakas na kapangyarihan (Mt 11:29; Jn 12:34-35) at napakalayo sa atin (Jn 14:8).

**113** **Sa mga dukha muna ipinahahayag** ang Kaharian ng Langit (Lc 4:18, 6:20, 7:22). Sila ang unang pumapasok dito (Lc 16:9) at magkakaroon sila ng nagpapasyang papel sa pagpapalaganap ng Kaharian: Lc 12:32-34; 1 Cor 1:26; Jaime 2:5-7. Hindi sapagkat mas mabuti ang mga dukha kundi sapagkat **mas nakikita ang kapangyarihan ng Diyos sa kahinaan ng tao** (1 S 17; 1 Cor 1:29; 1 Mac 3:18; 2 Cor 12:9) at sapagkat gusto niyang iligtas ang nawawala (Is 49:2; Lc 1:25, 19:10). Hinahamak niya ang palalo at itinataas ang mapagpakumbaba: Lc 16:15; 1 S 2:3-8. Makahulugan na iniukol sa isang dakilang hari ang mga unang pangako ng Kaharian (2 S 7:13; 1 H 8:24) at ang huli ay sa **mga dukha ni Yawe** (Sof 3:12; Zac 9:9; Slm 132: 15), sa mga sinisiil na mga mananampalataya (Dn 3:30; 1 Mac 2:7), pinagsamantalahan ng mga mayaman at oportunista (Slm 55, 58, 123:3). Mas madaling tinatanggap ng mga dukhang ito ang Ebanghelyo (Lc 2:8, 10:21, 4:18).

**114** Ang katunayang naghahari nga ang Diyos ay hindi nangangahulugang pababayaan na siya ng sangkatauhan na kumilos nang mag-isa mula sa panahong ito, kundi **kikilos ang mga tao nang** mas malaya sapagkat nakalaya na sila sa mga di-matwid na palagay (Mc 7:15; Gawa 10:15 at 34) at mga batas (Lc 14:3; Col 2:16) at abala sila sa pagpapabunga ng kanilang mga talino (Mt 25:14-30).

**115** **Ang kaligtasan** ay hindi natatamo mula sa itaas sa pamamagitan ng paglipol sa mga masama (Mt 13:24, 26:53); isa itong **binhi na nakapunla sa sangkatauhan** (Mt 13:1, 13:31) na unti-unting lumalago (Mc 4:26), sa mga tao muna (Mc 4:14; Mt 13:44; Jn 3:3) at pagkatapos ay nagiging isang katotohanang nakikita (Mt 5:14; Lc 12:32) na **nagaganap sa Iglesya** (Mt 16:18).

**116** Inakala ng mga kapanahon ni Jesus na magsisimula ang Kaharian pagkatapos ng **Paghuhukom ng Diyos** na magbubukod sa mabuti at masama (Is 1:25-28, 4:2-5; Sof 1:14; Mal 3:1-2; Mt 3:9-12). Sinasabi ni Jesus na ang paghuhukom ay hindi para ngayon (Mt 13:32; Gawa 1:7); gayunpaman, ngayon pa lamang ay hinahatulan na ang bawat tao ayon sa kanyang niloloob ukol sa Ebanghelyo (Jn 3:18-20, 12:46) at gayundin ang mga bansa (Lc 10:13, 14:19; Mt 23:37).

**117** Ipinakikilala ni Jesus ang kanyang sarili bilang **Siyang sinugo ng Ama** (Jn 6:29, 10:36) at nadidiskubre ng mga apostol ang kaisa-isang pagkakaugnay na nag-iisa sa kanya sa Ama (Lc 11:1; Mc 1:35; Lc 6:12; Mc 14:37; Jn 4:31-34, 16:32). Sinasabi ni Jesus: **Ama ko** (Mt 7:21, 10:32, 16:17; 25:34) at Ama ninyo (Mt 5:16, 10:20). Hindi niya kailanman sinasabi: Ama natin.

**118** Hinihiling ni Jesus sa mga Judio na tantuin nila na sila'y nabubuhay sa **dipangkaraniwang panahon** (Lc 12:54; Mt 11:21, 12:41) at dapat

silang mangibabaw sa krisis na humahati sa kanila (Lc 12:57, 13:5) sa pamamagitan ng pagtanggap sa bagong pananaw na ang **Diyos ay Ama** at sa **kaunahan ng awa** (Lc 15) at **muling pagkakasundo** (Mt 19:23).

**119** Hindi tinugon ng karamihan sa bansang Judio ang tawag na ito (Mt 12:45; Lc 13:34) at dinala sila ng kanilang pampanatikong relihiyon sa kapahamakang inihayag ni Jesus (Mt 21:43; 22:7, 23:35-37; Lc 21:23 at 23:28-31).

---

**12. Inihahanda ni Jesus ang kanyang Iglesya**

**120** **Ang** Iglesya (Gawa 9:31) at **ang mga** iglesya (Gal 1:22). Ang Iglesya ng Diyos (Gawa 20:28) at ang mga iglesya ng Diyos: (1 Cor 11:16; 1 Tes 2:14). Ang Iglesya ay ang bayang espirituwal ng Diyos. Ang kahulugan ng **Iglesya** ay ang Pagtitipon na tinawag ng Diyos, o ang Pagtitipon ng mga hinirang ng Diyos. Tinatawag din silang **mga santo**: ang Iglesya ng mga santo (1 Cor 14:34).

**121** Para baguhin ang Israel at pagkatapos ay paabutin ang Kaharian sa lahat ng bansa (Mt 10:5, 15:24), **pinaplano ni Jesus ang kanyang Iglesya** na itinatag kay Pedro (Mt 6:18) at sa mga apostol (Mt 10:1). Hindi naniwala ang kanyang bayan kaya naisip niya ang Iglesya bilang isang bagong bayan ng Diyos, bukas sa lahat ng bansa (Mt 8:10; Jn 10; Mt 21:43, 22:1, 23:37) na pangyayarihan ng Kaharian (Tingnan ang kom. sa Mt 13:31).

**122** Sinusundan si Jesus ng **mga disipulo** na naniniwala sa kanya (Lc 6:17, 19:37). Pumipili siya sa kanila ng mga gusto niya (Mc 3:13; Jn 15:16) na maging kanyang **mga apostol** (Mc 3:16). Sila ang bubuo ng pinakapuso ng kanyang Iglesya (Lc 22:28-30). Hinihingan sila ni Jesus ng pag-aalay ng sarili (Mc 8:34; Lc 9:57) at lubos na katapatan sa kanya (Mt 10:37; Lc 14:25).

**123** Itinuturo sa kanila ni Jesus ang mga saligan ng **pakikipamuhay** sa Iglesya. Ang pinakadakila ang siyang magiging lingkod ng iba: (Mc 10:43; Mt 18:6 at 10). Walang sinumang tatawaging Ama, Panginoon, o Guro; sa halip, igagalang ng awtoridad ang saligang pagkakapantay-pantay ng lahat at ang kanilang direktang pagkakaugnay sa Diyos (Mt 23:8). Pag-ibig ang siyang magiging pinakamataas na Batas (Jn 13:34-35 at 15:12-14). Ipakikita ang pag-ibig higit sa lahat sa pagpapatawad (Mt 18:21 at 23) at sa pagmamalasakit para sa pagkakaisa (Jn 17:21). Pagtitibayin ng Diyos ang mga desisyon ng Iglesya (Mt 16:19 at 18:18).

**124** Ang paglago ng Kaharian sa mundong tumatanggi sa liwanag ay pagmumulan ng mga salungatan at maghahatid ng **mga pag-uusig sa Iglesya** (Lc 12:49-53; Jn 15:18-25; Mc 13:13; Mt 5:11; Pag 12:13-18). Ang magiging unang krisis ay ang pagkawasak ng bansang Judio (Mc 13:5-23, 13:28-31). Tingnan ang kom. sa Mt 24. Susundan ito ng iba pang mga krisis at masasaksihan ng huli ang **pagbabalik ni Kristo** at ang Paghuhukom: Mt 16:27; Gawa 3:21; 1 Tes 4:16; Mc 13:24-27; 2 Tes 2; Pag 19:11-21, 20:7.

---

**13. Ang Sakripisyo**

**130** Ang pagkamatay ni Jesus ay hindi nagkataon lamang: (Heb 10:5). Sa simula pa'y pinaghandaan na niyang harapin ito (Mt 20:28; Jn 11:9, 12:27). **Hinulaan niya ito** nang maraming beses (Mc 8:31, 9:9, 10:32; Lc 13:31). **Pinanagutan niya ito nang lubos** (Jn 10:28-30, 19:30), sapagkat alam niya na ang Oras na ito ang siyang oras ng kanyang tagumpay: (Jn 7:6-8, 12:31, 17:1-2).

**131** Ang sakripisyo ni Jesus ay katulad ng pangalawang pagbubunyag ng katarungan ng Diyos (Rom 3:25-26) na tumatapos sa pagbubunyag ng Matandang Tipan. Pinalayas ng **nagpaparusang Diyos** ang mga makasalanan (Gen 3:22-23); pinagagaling ng Diyos-na-nagkatawang-tao ang masasamang tao at tinatanggap ang kanilang di-pagtanggap sa kanya (Jn 1:11; Mt 21:37). Ipinakita ng **nagpapalayang Diyos** ang

kanyang kapangyarihan (Ex 15; Dn 4 at 5); pinili ni Jesus ang huling hantungan upang magligtas (Mt 20:28).

**132** Ang mga naging **biktima** ng lipunan ay mas may kapangyarihang gambalain tayo pagkamatay nila. Pinipili ni Jesus ang huling hantungan (Fil 2:8) upang **papagsisihin** ang mismong lipunang humatol sa kanya (Zac 12:10; Jn 19:37; Pag 1:7), at sa paggawa nito, inilalapit niya sa kanyang sarili ang lahat ng tao (Jn 12:32).

**133** Sa simula pa, nag-aalay na ng **mga handog** ang mga tao. Ang **sinunog na handog** (iyon ay kapag tupok na ang handog) ay nagpapahiwatig ng lubusang pagsunod sa Diyos: Lev 1:1; 1 S 15:22; Slm 51:18; Heb 10:6-7. **Ang ibinubong dugo** ang nagbayad para sa mga kasalanan (Lev 5, 17:11; Heb 9:22). Sa pagkain ng mga handog sa piging ng **komunyon**, ang mga kasalo ay pinababahagi sa kabanalan ng Diyos (1 Cor 10:18). Ang paghahandog ng **kordero** ang bumabago sa Tipan ng Diyos sa kanyang bayan (Ex 12; Slm 50:5.

**134** Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ang bumubuo sa bago at pangwakas na sakripisyo na pumapalit sa lahat ng dati (Heb 7:27, 9:25). Kaya nga tinatawag si Jesus na **Kordero ng Diyos** (Jn 1:29). Ipinapareho ang kanyang sakripisyo sa Bagong Paskuwa (ang kahulugan ng Paskuwa ay Pagdaan) patungo sa banal at walang-hanggang buhay (Lc 12:50, 22:16; Rom 6:4; 1 Cor 5:7; kom. sa 2 Mac 15:12).

**135** Ang sakripisyo ni Jesus ay nagbigay-kakayahan sa kanya na makamtan ang kanyang perpeksiyon at tanggapin ang mga kaloob na nagbibigay-karapatan sa kanya na maging Pinuno at Ulo ng sangkatauhan (Is 53:11-12; Gawa 2:33; Heb 2:10, 5:7). Tingnan ang **203**.

**136** Sa pagdanak ng kanyang dugo, nakakamtan ng kanyang mapait na kamatayan ang **kapatawaran ng mga kasalanan** ng lahat ng tao (Is 53:10; Mt 26:28; Rom 3:21, 5:9, 5:19, 8:3); **Pinagkakasundong muli** tayo at ang Diyos (Rom 5:10, 5:20; 2 Cor 5:17; Col 1:21); **tinutubos** tayo (1 P 1:18) at **binibigyan ng kalayaan** (Rom 7:4; Ef 1:17) at sinisimulan nito ang paraan na magbibigay ng kalutasan sa lahat ng salungatan sa sanlibutan (Rom 8:19; Ef 2:16; Col 1:20).

**137** Ang sakripisyo ni Kristo ay **nagpapahiwatig ng pag-ibig ng Diyos** para sa atin sa dakilang kagandahang-loob ng Ama (Rom 8:3; Jn 3:16; 1 Jn 4:10) pati sa pagsunod ng anak (Mc 14:36; Rom 5:6; 1 Jn 3:16). Sa **tinusok na puso** ni Jesus (Jn 19:34), pinagninilayan natin ang misteryo ng pag-ibig ng Diyos na nagnais na tayo'y pahangain sa kanyang kakayahang lubos na magsuko ng sarili upang maibalik ang tiwala sa kanyang napahamak na nilalang (Rom 5:8).

**138** Itinuturo sa atin ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus ang kabuluhan ng ating sariling buhay: ang nag-aalay ng kanyang buhay ay nagdadala rito sa bagong pagsilang (Lc 17:33; Jn 12:24-26, 16:21, 17:9). Ipinakikita sa atin ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay ang hinihingi ng tunay na pag-ibig (Jn 15:13) at ng paglilingkod (2 Cor 6:3-10, 12:14) pati ang halaga ng ating sariling mga pagsubok (Jn 15:2; 2 Cor 12:9-10).

---

**14. Ang Muling Pagkabuhay. Si Jesus na Panginoon ng Kasaysayan**

**140** **Muling nabuhay si Jesus** gaya ng sinabi niya (Mc 9:9-10); ayon sa Banal na Kasulatan (Lc 24:25-27; 1 Cor 15:4; Gawa 2:30). Ang pagpapakita ni Jesus na muling nabuhay sa Jerusalem at sa Galilea: (Mt 28; Mc 16; Lc 24; Jn 20 at 21; 1 Cor 15:5-8).

May dalawang kahulugan **ang Muling Pagkabuhay**: Muling nabuhay si Jesus (Lc 24:5; Gawa 2:24) at niluwalhati, o pinarangalan si Jesus (Jn 17:1; Gawa 2:33, 3:13). Ipinahihiwatig ng huling pagpapakita ni Jesus (o ang **Pag-akyat sa Langit**) ang ikalawang mukhang ito ng Muling Pagkabuhay (Mt 28:17-20; Lc 24:50; Gawa 1:9).

**141** Sa muling pagbuhay kay Jesus, lubusang binago ng enerhiya ng Diyos ang kanyang katauhan sa pagtanggap nito ng kapunuan ng buhay na

ibinibigay ng Ama sa kanyang Anak (Jn 1:14, 17:1; Gawa 2:32; Rom 1:3). Ngayon nakikilala si Jesus bilang Anak ng Diyos. **Sa pagiging Anak, kaningningan ng Ama** (Heb 1:1), si Jesus na Anak ng Diyos na nagkatawang-tao ang pagpapakita ng Diyos na di-nakikita sa nilikhang sanlibutan na ito (Jn 14:9; Col 1:15). Sa kanya natutupad ang mga pangako ng Matandang Tipan (Mt 12:41-42,23:35-36; Jn 8:56; Pag 5). Siya ngayon, bilang tao, ang **ulo ng buong sangnilikha** (Col 1:18), mas mataas kaysa lahat ng nilalang, materyal man o espirituwal (Heb 1:4-14).

**142** **Nanggaling sa Diyos** si Jesus (Jn 13:3, 16:27, 17:8) at **bumabalik sa Ama** sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay (Jn 16:28) upang ang kanyang relasyon bilang anak, na nag-iisa sa kanya at sa Ama, ay magkaroon ng perpeksiyon (Gawa 2:33; Rom 1:4). Para ipahayag ng Iglesya ang kanyang pananampalataya kay Jesus na Anak ng Diyos na nagkatawang-tao, kaisang Diyos ng Ama, tinatawag siyang **Panginoon** nito. Sa dalawang pangalang tumutukoy sa Diyos – **Diyos** at **Panginoon** – inilalaan ng Iglesya ang una para sa Ama at ang ikalawa para kay Kristo (tingnan ang Rom 10:9; Fil 1:11; kom. sa Jn 11:2, 13:2, 20:2).

**143** Pinapalitan ni Jesus ang larawan ng Diyos-Nag-iisa ng **Diyos-Pakikipag-isa**. Pakikipag-isa ng Ama at anak (Jn 1:1, 1:18; kom. sa Jn 5:19; Mt 11:26; Jn 13:32, 17). Pakikipag-isa sa Espiritu Santo (Jn 14:16, 15:26).

**144** Ang iglesya ng mga Apostol ay **nagbibinyag** sa iisang pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo (Mt 28:19) at kumikilala sa iisang Diyos sa tatlong Persona ng Diyos na tinatawag nating **Santisima Trinidad**: 1 Cor 6:11, 12:4; 2 Cor 13:13; Pag 1.

**145** **Panginoon ng Kasaysayan** na ngayon si Jesus na muling nabuhay: ibig sabihi'y, siya ang naghahari at namamahala sa mga puwersang materyal at espirituwal, nakikita o di-nakikita, na humuhubog sa ating kasaysayan: Jn 12:31; Pag 1:18, 6; Col 1:18, 2:10 at kom. sa Mc 16:9. Ipinakikita ni Pablo na mas mataas si Kristo kaysa mga puwersang panlangit na itinuturing noong mga panahong iyon na namamahala sa kapalaran at kasaysayan ng mga tao (Ef 1:10-29; Col 1:16). Ang kahulugan ng paghahari ni Kristo ay nasa sapat nang gulang ang sangkatauhan (Gal 4:3-5).

**146** Mula sa panahong iyon, nangyayari ang pagliligtas sa pamamagitan ng **Pangalan ni** Jesus, ibig sabihi'y, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng diyos (Fil 2:9-10) na namamanaag mula sa kanya (Gawa 4:30; 1 Jn 2:12; kom. sa Mc 16:17). Bawat akto ng pagliligtas ay sabay na nanggagaling kay Kristo at sa Espiritu (1 Cor 12:4-6; 2 Cor 3:16-17) at ipinalalagay na kay Kristong Panginoon o sa kanyang Espiritu (Jn 6:35-36, 7:38-39; Mc 9:38; Lc 11:20; Ef 4:7 at 1 Cor 12:7).

## 15. Ang Bagong Paglikha – kaloob ng Espiritu – ang Misteryo ng Muling Pagkakasundo

**150** Hindi dumating si Jesus para lamang magtuwid ng mga kasalanan, kundi para **baguhin ang paglikha** (Jn 5:20). Matutupad ang bagong paglikhang ito sa pamamagitan ng **kaloob ng Espiritu Santo** (1 Cor 15:45). Higit sa lahat, ang kahulugan ng lahat ng gawaing ito ay ang **muling pagkabuhay ng mga tao** at pangkalahatang pagkakasundo (Jn 5:21).

**151** Ipinakikita ng paglabag ni Jesus sa **Araw ng Pahinga** at ng pagpalit ng **Linggo** sa Araw ng Pahinga ang kanyang hangaring isaayos muli ang unang paglikha na nangyari sa loob ng anim na araw (Jn 5:17 at kom. sa Gen 2:3; Pag 3:14). Ang katuparan ng ipinahayag ng mga propeta (Is 25:6-10, 32:15-20, 65:17-19, Ez 37, 47:1-12). Ipinahihiwatig ng pagkamatay ni Jesus ang **pagkamatay ng lahat ng nauna sa kanya** (2 Cor 5:14; Gal 2:19). Pinatatawad ang mga kasalanan (Rom 6:10; Heb 9:28). Wala nang bisa ang mga batas at mga balangkas ng relihiyon na itinuro mismo sa Biblia (Rom 7:4; Gal 4:5, 5:4-6; Col 2:16).

**Inalis ang lahat ng inaakalang pagkakaiba** ng kasarian, uri, at bansa (Gal 3:28, 6:15; 1 Cor 12:13; Col 3:11). **Tayo'y mga bagong nilalang** (2 Cor 5:17; Gal 6:15; Col 1:15; Ef 2:10-15 na sumusulong patungo sa perpeksiyong katulad ng sa Diyos Ama (Ef 4:24; Col 3:10). Kinakailangang saklawin ng bagong paglikhang ito ang buong sanlibutan: Rom 8:18-25.

**152** Sadyang ipinahihiwatig ng bagong paglikha ang **pagpapawalang-bisa sa mga batas ng Matandang Tipan**: mga anino na lamang ang mga ito ng mga pangwakas na katotohanan (Col 2:17; Heb 8:5, 10:1; Mt 11:13) na nagsisimula kay Kristo. Ang manalig sa **pagtuli** (Gal 5:2, 6:12) o sa iba pang mga ipinagagawa ng Batas (Col 2:16, Rom 14:14-20) ay pag-urong at pagtanggi sa kagandahang-loob ng Diyos (Col 2:20; Gal 2:18). **Ang naghahangad maging matuwid** sa pamamagitan ng mga gawain at kabutihan (Lc 18:9; Fil 3:7-9) ay nawawalan ng tunay na katarungan at kabanalan, ang kaloob ng Diyos kay Kristo: Col 2:11; Fil 3:9.

**153** Naisasakatuparan ang bagong paglikha sa pamamagitan ng **kaloob ng Espiritu Santo** na nagbibigay-buhay (Slm 104:30; Jn 6:63; Rom 8:2). Kinailangang mauna ang pagluwalhati kay Jesus sa kaloob ng Espiritu (Jn 7:37-39; Gawa 2:32-33; Jn 16:7). Ginagawa tayong **malaya** ng Espiritu (Gal 4:7, 5:13-18), **pinatatawad niya ang ating mga kasalanan** (Jn 20: 22; 1 Cor 6:11). Inaari niya tayong **mga anak** (Rom 8:14-17); ipinababatid niya sa atin ang mga misteryosong plano ng Diyos (1 Cor 2:10-12; 1 Jn 2:20). Ang mga pagbubunyag ng Espiritu sa Iglesya ang siyang **mga unang bunga** (Rom 8:23) at ang **kasiguruhan** (Ef 1:14; 2 Cor 1:22, 5:5) ng ating ganap na pagbabago sa pamamagitan niya sa mundong darating (1 Jn 3:2-3; Rom 8:18).

**154** **Hindi kilala ng bagong paglikha ang kamatayan**, na resulta ng kasalanan (Rom 5:12; Pag 20:15, 21). Ang bahagi natin na tinatawag na panlabas (2 Cor 4:16) o **lumang sarili** (Rom 6:6; Ef 4:22; Col 3:9) o **laman** (2 Cor 4:11; Gal 6:8; Rom 8:3) ay papunta nga sa kamatayan (Rom 8:10; 2 Cor 5:16, 13:4, 1 P 3:18). Ngunit ang **panloob na sarili** (Rom 7:22; Ef 16) ay buhay sa pamamagitan ng pakikibahagi sa Espiritu (Rom 8:10-11).

**155** Si **Jesus na muling nabuhay** ang siyang nagbibigay sa atin ng kapangyarihan ng muling pagkabuhay (Jn 5:25; Col 2:12, 3:1; Rom 5:21, 6:6, 8:4) at siyang muling bubuhay sa atin (Jn 5:28, 6:39-58, 11:25; Rom 8:10; Fil 3:20).

**156** Ibinubunyag ni Jesus ang **Misteryo** (Ef 3:3; Pag 10:7), ibig sabihi'y ang kamangha-manghang plano na inilihim (Ef 3:9; Rom 16:25; Col 1:26). Ang layunin ng buong gawa ng paglikha, pagliligtas at pagbanal ay ang **pagpuri sa pagpapala** at kagandang-loob **ng Diyos** (Ef 1:6-12). Ipinagkatiwala ang lahat sa Mahal na anak (Ef 1:1-6) at sa pamamagitan niya ito tinatanggap ng lahat. Tinatawag ang lahat ng bansa na **bumuo ng iisang katawan** sa kanya (Ef 1:22, 3:5-6) at sa pamamagitan niya sila pumapasok sa pakikibahagi sa mismong Kaluwalhatian ng Diyos (Col 1:27; Ef 2:6).

**157** Sinimulan ang misteryosong planong ito sa pagliligtas sa Israel (Rom 11:25) at umaabot sa buong sanlibutan (Col 1:27). **Hinihiling** ng Misteryong ito ang pangkalahatang **pagkakasundo** sa sanlibutang hinati ng kalikasan, ng mga di-matwid na palagay at ng kasalanan (Ef 2:14-16; tingnan ang **151: mga pagkakaiba**).

**158** Ang tungkulin ng mga Apostol ay ipahayag at ihatid ang pagkakasundong ito (2 Cor 5:20-21; Rom 15:16) na naipahayag na ni Jesus (Lc 4:19); ang pagsasakatuparan ng muling pagkakasundong ito **ang pinakabuod ng pananampalataya ng Bagong Tipan** (Rom 15:16).

**159** Sa misyong ito, si Jesus ang lumilitaw na **kaisa-isang Tagapamagitan** ng sangkatauhan sa diyos (1 Tim 2:5; Heb 9:15, 12:24) sapagkat siya

ang namamagitan para sa atin (Heb 2:17-18, 4:15-16) at **naghahatid sa atin ng mga pagpapala** ng Bagong Tipan (Gawa 13:34; Heb 9:11, 10:20).

**16. Pagkakaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya**

**160** Nagiging bahagi tayo ng bagong paglikha dahil kaloob ito ng Diyos (Mt 11:27; Jn 6:43; Ef 2:8). Ang tiyakang hakbang na ito (Col 1:12-13), ang pagkakaligtas sa atin na ito, ay **hindi gantimpala sa ating kabutihan** at mga kawanggawa (Rom 4; Fil 3:4-6), kundi ibinibigay ito sa pamamagitan ng pananampalataya (Rom 3:21; Fil 3:9).

**161** Ayon kay Juan, ang pananampalataya ay ang **pagkilala sa Sugo ng Diyos** (Jn 5:38; 6:29). Pagkilala ito na **ang Diyos muna ang nagmamahal** at nagpapatawad **sa atin** (1 Jn 4:10; Jn 3:16). Pagtanggap ito na binabago tayo at **binabanal** ng Diyos (Jn 12:42-45); at pagkilala na si Jesus ang Kristo (1 Jn 2:22-29, 5:1); ibig sabihi'y, ang Bugtong na Anak na nanggaling sa Diyos at babalik sa kanya (Jn 6:62).

**162** Ayon kina Pedro at Pablo, ang pananampalataya ay pagtanggap sa pag-ibig ng Diyos **na nagsuko ng kanyang Anak alang-alang sa mga makasalanan** (Rom 5:14-15; Gal 3:1). Pag-amin ito na muling binuhay ng Diyos ang kanyang Anak (Rom 4:23, 10:9) **at ginawang Panginoon** (Gawa 2:36, 1 Cor 12:3; Fil 2:11). Pagkilala ito na natupad na sa kanya ang lahat ng pangako ng Diyos (2 Cor 1:20).

**163** Ang pananampalatayang nagliligtas **ay pinagtitibay ng patotoo ng Banal na Kasulatan** (Gawa 17:3, 18:28; Rom 16:26; 2 P 1:19) ngunit pagdiskubre rin ito ng salitang binibigkas ng Diyos sa atin ngayon (Heb 1:1 at kom. sa Mc 11:29). Kinailangan ng mga kapanahon ni Jesus na kilalanin siya bilang Sugo sa pamamagitan ng mga tandang ipinakita niya (Jn 6:26, 10:32, 15:24). Pagkatapos, sumandig sila sa **patotoo at mga tanda na ibinigay ng mga Apostol** (Mc 16:17; Gawa 8:7; 1 Tes 1:5). Hindi kailanman hanggang paniniwala lamang ang pananampalataya, kundi nakikita nito ang plano ng Diyos (Mt 11:16-24; Lc 7:30) **sa mga nangyayari ngayon** (Lc 12:56, 19:44) at sa **propetikong tinig ng** Iglesya (Ef 3:5; 1 Tes 5:19).

**164** **Isinasali tayo** ng pananampalataya **sa bayan ng Diyos** (Ef 2:19-22) sa pamamagitan ng **binyag** (Mt 28:19; Mc 16:16; Col 2:11-13).

**165** **Dinadala tayo** ng paananampalataya **sa kalagayan ng kabanalan,** na tinatawag ng Biblia na **katarungan**, o **pagkamatuwid**, o **pagkawalang-sala** (tingnan ang kom. sa Rom 1:16; Rom 4-5; 1 Jn 2:1-6). Pinagiging kalugud-lugod tayo nito sa Diyos, kasundo niya (Rom 5:1-2) at kalarawan niya (Rom 8:28; Col 3:10; Ef 4:24). Ipinapasok tayo ng pananampalataya sa Kaharian ng kanyang Anak (Col 1:13) at doon natin natatanggap ang unang loob ng Espiritu (Ef 1:13; 2 Cor 1:22). Tingnan ang **153-154**.

**17. Ang Iglesya ng Diyos**

**170** Inihahanda ni Jesus ang kanyang Iglesya: tingnan ang **120-124**.

**171** Hindi sa kagustuhan ng tao nagmula ang Iglesya, kundi sa walang-hanggang plano ng Diyos.

Sa Iglesya nagaganap ang **Misteryo** (Ef 3:5) ibig sabihi'y, ang plano ng Diyos na nagtitipon sa lahat ng tao sa ilalim ni Kristo, ang kaisa-isang ulo (Ef 1:5-12, 22). Kaya nga tinatawag na **banal** ang Iglesya, sapagkat mas nakasalalay ang kanyang kapalaran sa mga plano ng Diyos kaysa mga pagkukusa ng tao.

**172** Sa paggawa ni Kristo ng mga hakbang para itatag ito, hindi siya kumilos sa sariling kusa lamang, kundi hinayaan niyang patnubayan siya ng kanyang Ama (Jn 1:35-51; Mt 16:18; Lc 6:12; Gawa 1:7; Jn 17:6, 17:9-12). Ang **Mga Iglesya ng Diyos kay Kristo** (Gal 1:22). Ang Iglesya ay sumasailalim ni Kristo na nagmamahal sa kanya at nagsusuko ng sarili sa kanya (Ef 5: 24-25; Jn 17:19). Ang Iglesya ng Diyos na binili ni Jesus ng kanyang sariling dugo (Gawa 20:28). Ang Iglesya ang **nobya**

niya (Jn 3:29; Ef 5:27; Mt 22:2; 2 Cor 11:1; Pag 21:2) at ang **katawan** niya (Col 1:24; 1 Cor 12:12) at siya ang ulo.

**173** Isinilang ang Iglesya sa araw ng Pentekostes (Gawa 2) sa bisa ng **pagbubuhos ng** ipinangakong **Espiritu Santo (150)**.

**174** Ang **pagpapahayag ng** mga apostol ng kanilang **pananampalataya** kay Jesus na muling nabuhay ay sumasama sa pagbubuhos ng Espiritu (Jn 15:26-27; Gawa 1:7-8) upang itatag ang Iglesya (Gawa 2:14-39; 1 Tes 1:5). Binubuo ang Iglesya ng lahat ng dumirinig sa **tawag sa pagbabalik-loob sa Diyos** at naniniwalang tatanggap sila ng kapatawaran para sa kanilang mga kasalanan (Gawa 2:38) at ng kaloob ng Espiritu (Gawa 2:39) sa pamamagitan ng pananampalataya sa nagliligtas na kapangyarihan ni Jesus at sa binyag (tingnan ang 181).

**175** **Itinatag kay Pedro at sa mga apostol** ang Iglesya (Mt 16:18, 10:1). Kapareho ng pananampalataya ng Iglesya ang sa mga apostol (1 Cor 15:11; 2 P 1:16-21). Kabilang sa Iglesya ang mga tumatanggap sa patotoo ng mga apostol at ng mga kahalili nila (Jn 17:20, 20:21) at tinatanggap nila (1 Cor 14:38, 2 Cor 10:6, 13:10). Sa pakikipag-isa sa kanila, **nakikipag-isa tayo** sa Diyos (1 Jn 1:3). Kasama nila si Kristo (Mt 28:20) upang hindi maging salungat ang kanilang mga desisyon sa plano ng Diyos (Mt 16:19, 18:18; Lc 10:16) sa kabila ng katotohanang mabibigo sila sa maraming paraan (Gal 2:11; Gawa 15:7, 21:20). Mananatiling ganito magpakailanman ang Iglesya, kung ano ang pagkagawa sa kanya ng mga apostol (Lc 22:30; Pag 21:14).

**176** Ang Iglesya ay **pakikipag-isa** (Gawa 2:4; Heb 13:16). Ang pakikipag-isang umiiral sa pagitan ng mga binyagan at ng mga Persona ng Diyos (2 Cor 13:13; 1 Cor 1:9, 10:16) ay naghahatid ng pakikipag-isa sa isa't isa sa kanila (1 Jn 1:7) sa kapwa espirituwal (Gawa 2:42; Fil 1:5, 2:1) at materyal na kahulugan (Rom 15:27; Gal 6:6).

**177** Ang Iglesya ang **presensya ng Katotohanan** ng Diyos sa mundo (1 Tim 3:15). Pagpapakita ito ng **pag-ibig ng Diyos** (1 Cor 1:26; 2 Cor 4:7) at, sa kabila ng kahinaan ng mga miyembro nito, tanda ito ng nagliligtas na presensya ng Diyos (2 Cor 4) at binibigyan ito ng Diyos ng lakas (Pag 2:8, 3:8).

## 18. Ang mga sakramento ng Iglesya

**180** Ang Iglesya ay ang pakikipag-isa ng mga mananampalataya na pinagpapakitaan ng Diyos (tingnan ang kom. sa Mt 16:18). Kaya nga natin sinasabing ang Iglesya ay **sakramento ng Diyos** (tingnan ang kom. sa Mt 18:15). Galing kay Kristo at sa mga apostol ang iba't ibang rito ng Iglesya, na tinatawag na **mga sakramento**. Ipinahihiwatig at inihahatid ng mga ito ang nagliligtas na pagkilos ng Diyos.

**181** Ang Binyag ng **tubig** at **Espiritu Santo** (Jn 3:5), ng Espiritu at apoy (Mt 3:11), ng tubig kasama ang salita (Ef 5:26) sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo (Mt 28:19) sa ngalan ng Panginoong Jesus (Gawa 2:38, 8:16). Binyag **para sa patay** (1 Cor 15:29). Binyag at **mga binyag** (Heb 6:2 at kom. sa Lc 3:7 at 16).

**182** **Ang nananampalataya** ay binibinyagan (Mc 16:16) upang tumanggap ng kapatawaran ng kanyang mga kasalanan (Gawa 2:38, 22:16). Ang kahulugan ng binyag ay pagkamatay sa makasalanang nakaraan (Rom 6:3-9) at pagpasok sa muling pagkabuhay (Rom 6:4; Col 2:11-12). Panloob na paglinis ito (1 P 1:22) sa pamamagitan ng dugo ni Kristo (1 P 1:2). Bagong pagsilang ito mula sa itaas (Jn 3:7), pagsilang sa Espiritu (Jn 3:6; Col 2:12). Pinag-iisa tayong muli sa iisang katawan ng iisang binyag sa iisang pananampalataya (1 Cor 12:13). Ipinapasok tayo ng binyag sa buhay "kay Kristo", sa buhay-Kristiyano (Fil 4:1 ss.). Tingnan ang **200**.

**183** Ang **pagpapatong ng mga kamay** upang pagtibayin ang binyag at maghatid ng mga kaloob ng Espiritu (Gawa 8:14, 19:6). Isang rito na hindi puwedeng gawin ng kung sino lamang na tagapaglingkod (Gawa 8:14-17). Tingnan din ang Heb 6:2.

**184** Ang **kapangyarihang magpatawad** ng mga kasalanan: tingnan ang kom. sa Jaime 5:16. Dapat katakutan ng isang binyagan ang panghihina ng pananampalataya at pagkawala ng pag-asa. Kung walang pananampalataya at pag-asa, wala ring hangarin o posibilidad na tumanggap muli ng kapatawaran ng mga kasalanan (Lc 13:7-9; Heb 6:4-8, 12:15). Ito ang uri ng kasalanang naghahatid sa **kamatayan** (1 Jn 5:16). Maaaring itiwalag ng Iglesya ang makasalanan kung hindi siya magbabago ng ugali (Mt 18:17; 1 Cor 5:11-13), at hilingin sa Diyos na balaan siya sa pamamagitan ng parusang pisikal (1 Cor 4:4-5; Pag 2:22).

**185** Ang **pagpapahid** ng Santo Oleo **sa maysakit**: ginawa ng mga misyonero ni Jesus (Lc 10:1) at ipinagkatiwala sa mga presbitero ng Iglesya (Jaime 5:14).

**186** Ang pagpapatong ng mga kamay para **italaga ang mga tagapaglingkod** ng Iglesya (1 Tim 4:14, 5:22; 2 Tim 1:6).

**187** Ang **Kasal** ng mga Kristiyano ay may sariling mga kahilingan (1 Cor 10-12 at kom. sa 1 Cor 11:2 at 1 P 3:1): sakramento ito sapagkat ito'y larawan at pagsasakatuparan ng pakikipag-isa ni Kristo sa Iglesya (Ef 5:22-23).

**188** Ang **Eukaristiya**, o Hapunan ng Panginoon (1 Cor 11:20) o pagpiraso ng tinapay (Gawa 2:42, 20:7; 1 Cor 10:16). Tingnan ang mga komentaryo tungkol sa pangako ng Eukaristiya (Jn 6:22-58) at ang pagtatatag nito (Mc 14:12; 1 Cor 11:23).

**189** Nilalarawan at **nililinaw** ng ilang teksto ng Matandang Tipan **ang kahulugan ng mga sakramento**, lalung-lalo na ang Binyag (Gen 6-7; Ex 14:15; Jos 3; 2 H 5; Is 12:1, 55:1, Zac 13:1; Ezk 47:1), ang Eukaristiya (Ex 12:16; 1 H 19:5; Gen 14:14; Mal 1:11); Kasal (Gen 1:26, 2:18; Tb 8:4-7, Awit).

---

**19. Ang Espiritu sa Iglesya. Mga Karisma at mga Ministeryo**

**190** Ang Espiritu Santo (tingnan ang **143** at **144**) na nanggagaling sa **Ama** (Jn 14:16, 15:26, 16:15) at sinusugo ng **Anak** (Jn 14:16, 15:26, 16:7). Ang Espiritu ng Diyos (1 Cor 2:11, 7:40; 1 Jn 4:2) at ang Espiritu ni Jesus (Gawa 8:39, 16:7; 2 Cor 3:7; Gal 4:6; Pag 3:1).

**191** Bago pa kay Kristo, binabanggit na ang **Espiritu ni Yawe**, isang kapangyarihang higit kaysa nasa kalikasan na ibinibigay sa mga tagapagpalaya (Hkm 6:34, 11:29, 14:6), sa mga propeta (Blg 11:25; Ez 37), sa mga artista (Ex 31:3) at sa mga pantas (Kar 1). Isang aktibong puwersa sa paglikha (Gen 1:2; Slm 104:30 at komentaryo sa Jn 7:37).

**192** Bunga ng pagkaluwalhati kay Jesus, ibinibigay ang Espiritu sa mga mananampalataya (Jn 7:39. Tingnan ang **153** at Gawa 9:17, 19:2; Rom 5:5; Gal 3:2; Ef 1:3, 1 Jn 3:24). Pagpasok sa Iglesya, tinatanggap ang Espiritu sa **rito ng pagpapatong ng mga kamay** (Gawa 8:15; 19:6) na karaniwa'y kasama sa binyag (Gawa 2:38; Tit 3:5; Jn 3:5). Gayunpaman, maaaring gumawa ng eksepsiyon ang Diyos, hindi siya nakatali sa mga sakramento (Gawa 10:45).

**193** Ibinibigay ang espiritu sa bawat isa ayon sa sukat ng kaloob ni Kristo (Rom 12:3; Ef 4:7; Heb 2:4) at ipinakikita niya ang kanyang presensya sa **iba't ibang kaloob** (1 Cor 12:3, 12:7-11; Gal 3:5; Fil 1:19). Sa bisa ng mga kaloob na ito ng Espiritu, nagiging mga miyembro tayo ng **iisang katawang** iba't iba (Rom 12:5-8) at organisado (Ef 4:16).

**194** Ang mga kaloob na espirituwal (na kalimita'y tinatawag na **mga karisma** na ang kahulugan ay mga kaloob: 1 Cor 1:7, 7:7, 12:31; 1 P 4:10) ay para sa kabutihan ng sambayanan (1 Cor 14:1-6, 14:19, 14:32). Kaya matatawag din silang mga paglilingkod (o **mga ministeryo**) at mga gawa (Rom 12:7; 1 Cor 12:5). Bagamat alam nating mabisa ang mga kaloob at paglilingkod na ito sa pagpapasigla ng tunay na pag-ibig at pakikipag-isa (1 Cor 12:3; Ef 4:3), ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang mga pang-apostol na paglilingkod ng mga nagtatag at nanununungkulan sa mga iglesya (1 Cor 12:28; Ef 4:11).

**195** Tungkol naman sa mga pamamahalang paglilingkod, tingnan ang kom. sa Gawa 14:21. Tinatawag ding **mga apostol** ang ilan, hindi lamang Ang Labindalawa (1 Cor 1:1; 9:1-6). Ang **mga propeta** (1 Cor 12:28; Ef 2:20, 3:5, 4:11; Pag 11:10, 16:16, 18:20). Malamang na propeta si Apolo, gayundin sina Timoteo at Tito (tingnan ang kom. sa Gawa 11:19, 13:1, 15:32; 1 Tes 5:19; Heb 7:1; 1 Tim 4:14; 2 Tim 1:6). May aktibong papel ang **mga obispo** (o mga inspektor) sa mga konseho ng mga presbitero (Gawa 20:28; Fil 1:1; 1 Tim 3:1; Tit 1:7). Ang **mga presbitero** (o matatanda): Gawa 11:30, 14:23, 15:2-3, 21:18; 1 Tim 5:19; Tit 1:5; Jaime 5:14; 1 P 5:1. Ang **mga diyakono**: Fil 1:1; 1 Tim 3:8 at kom. sa Gawa 6.

**196** Ang mga kaloob na espirituwal, gaano man ang pagkakaiba sa isa't isa, ay nanggagaling kay Kristo, ang kaisa-isang ulo, at dapat italaga ang mga ito para sa pagkakaisa ng lumalagong katawan: Jn 17:21; Ef 2:18-22, 4:12-13.

---

## 20. Ang Espiritu at ang Kristiyanong Espirituwalidad

**200** Ang buhay-Kristiyano ay dating tinatawag na **ang daan** (Gawa 9:2, 19:9, 16:17, 18:25; 2 P 2:2) at hindi ito nababatay sa mga natatanging utos (Gawa 15:18) hanggang sa iniugnay na nga ni Pablo ang mga hinihiling ng moralidad sa seks sa pananampalataya kay Kristo at hindi sa alinmang batas (1 Cor 6:1; 1 Tes 4:2).

Nagsalita kung minsan ang mga Kristiyanong mula sa lahing Judio na waring pinagtibay ni Jesus ang Batas ng Matandang Tipan, ngunit kalimita'y naunawaan nilang pinalitan na ng **bagong Batas** na inihayag ni Jesus (kom. sa Mt 5:17) ang Batas ng Matandang Tipan (Mt 5:22, 5:28…) Pinapalitan ng **kaisa-isang utos** ng pag-ibig (Mt 22:39) ang maraming alituntunin ng Batas ni Moises (Mt 22:40; Rom 13:8, Gal 5:14).

**201** Ngunit sinasabi rin sa atin na **pinalaya tayo ni Kristo sa lahat ng batas** na pantao (at hindi lamang sa Batas pang-Judeo): Rom 7:4; Gal 4:5; Ef 2:15. Kaya dapat nating unawain na, kapag ang Batas ni Kristo ang pinag-uusapan, ibang kahulugan ang ibinibigay sa salitang **batas** (Rom 2:27, 8:2). Hindi natin gaanong pinahahalagahan ang pagsisikap ng tao sa pagtupad ng batas (Mc 10:21, 10:27; Gal 2:16, 3:5), kundi dapat nating himukin ang bawat isa na magpaakay sa Espiritu (Lc 10:33; Rom 8:14; Gal 5:16) na siya lamang makapagbabago ng puso (Ez 36:25; Rom 2:29) at makapagpapatupad ng Batas (Rom 8:4).

**202** Ang pagpasok sa Iglesya (tingnan ang **192**) ay gumagawa sa ating **mga bagong nilalang** (2 Cor 5:17; Gal 6:15; Ef 4:24). Nilikhang muli sa Anak (Ef 2:10); mga anak ng Anak (Rom 8:15; Jn 1:13), ibinigay na sa atin ang Espiritu sa buhay na ito (Rom 12:11; Gal 4:6) bilang patikim ng pangwakas at banal na buhay sa langit (Rom 8:11-23; Ef 1:14). Mula ngayon, **nakikipag-isa tayo sa Tatlong Persona ng Diyos** (Jn 14:17; 1 Jn 1:3, 3:21-24, 4:15).

**203** Ipinakakahulugan ng buhay-Kristiyano ang palagiang **pakikipagtulungan ng tao sa Diyos** na kumikilos sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu. Namatay na tayo sa kasalanan (Rom 6:11) at kailangang mamatay tayo sa mga gawa ng "laman" (Rom 8:13). Binago tayo at kailangang lumakad tayo sa mga bagong daan (Rom 7:6). Pinaging makatarungan at banal tayo (Rom 6:2; 1 Cor 6:11) at kailangang lumakad tayo bilang mga santo (Rom 6:13-19; Gal 5:25). Pinalaya tayo (Rom 6:14, 8:2) ngunit kailangang palayain na natin ang ating sarili (1 Cor 7:15.23). Ibinigay na sa atin ang pag-ibig ng Diyos (Rom 5:5; Jn 17:26) at kailangang magtiyaga tayo at lumago sa pag-ibig na ito (Jn 15:9; 1 Cor 16:14; Fil 1:9; 1 Tes 3:12).

**204** Pinasisigla ang bagong buhay ng Kristiyano sa pamamagitan ng pagsali sa **Eukaristiya** (Jn 6:48-58), **mga kawanggawa** (Jaime 2:14-28, 1 Jn 3:18; 2 Tes 1:11; Tit 2:14, 3:8; Heb 10:24; 2 P 1:10) at **panalangin**

(tingnan ang **230**). Pinagmumulan ito ng **kaligayahan** (Jn 16:24; Gawa 13:52; Rom 14:17; 2 Cor 7:4; Gal 5:22; 1 Tes 1:6; 1 P 1:8), **kalayaan** (Jn 8:32-36; 2 Cor 3:17; Gal 5:1; 2 Tim 1:7; 1 P 2:16), **kapayapaan** (2 Cor 13:4; Gal 5:22; Ef 6:23), at **pasasalamat** (Rom 14:6; Ef 5:20; Col 3:17; 1 Tes 5:18).

Kasama ng **pagtitiyaga** (Lc 8:15, 21:19; Rom 2:7, 5:3; Col 1:11; Heb 10:36; Jaime 1:4) gumagawa ito ng pagbabago sa buong pagkatao (Rom 12:2; 1 Tes 5:23) at binibigyang kakayahan itong makipag-ugnay sa Diyos bilang anak (Rom 8:15-17; 1 Jn 4:17-18) at maging batong buhay ng gusaling espirituwal (Ef 2:22; 1 P 2:5).

**205** Napapakita ang buhay-Kristiyano, higit sa lahat, sa tatlong lakas na karaniwa'y tinatawag nating **mga birtud ayon sa teolohiya**, ibig sabihi'y, galing sa Diyos at kaangkop niya: ang mga ito ay pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig: 1 Cor 13:13; Gal 5:5-6; Ef 1:15-16; Col 1:4-5; 1 Tes 1:3, 5:8.

## 21. Pananampalataya at pag-asa

**210** **Ang pananampalataya ay nangangahulugang:** 1) ang akto ng pananampalataya na, sa pagbabalik-loob sa Diyos, ay nagbibigay sa atin ng kabanalan o katarungan na angkop sa isang Kristiyano (tingnan ang **165**); 2) ang **kaloob ng pananampalataya** na naghahatid ng mga himala: 1 Cor 13:2; Jaime 1:5; Mc 11:20-24 at ang mga komentaryo sa mga ito. 3) ang una sa mga birtud ayon sa teolohiya (tingnan ang **205** at **211**) na isinilang ng unang akto ng pananampalataya.

**211** Ang Kristiyanong pananampalataya ay **pagsailalim sa salita ng Diyos** (Jn 12:44-46; Rom 10:14; 2 Tim 3:15, 4:3) na natanggap sa mga propeta at kay Kristo sa pamamagitan ng patotoo ng mga apostol (tingnan ang **163**). Tinatanggap ito nang hindi nagdadagdag o nagbabawas (Dt 4:2; Pag 22:18) sa buong pananampalataya (Tit 1:13, 3:10-11) na pinanatili ng Iglesya bilang **Tradisyon ng Mga Apostol**: 1 Tim 4:6; 2 Tim 2:8, 3:14.

**212** Pareho ang saloobin ng pananampalataya ng Kristiyano at ng mananampalataya ng Matandang Tipan (Rom 4:23-25; Heb 11). Gayunpaman, dumating na sa atin ngayon ang mga pagwakas na salita (Heb 1:1-2; Jn 3:31, 4:26) sa pamamagitan ng persona na siyang Salita ng Diyos (Jn 1:1.18; Heb 2:2-3). Tingnan ang **152**. Sa persona ni Jesus, kinakausap tayo ng Diyos nang walang parabula o halimbawa (Jn 16:25-29).

**213** **Gumagawa** ang pananampalataya **sa pamamagitan ng pag-ibig** (Gal 5:6) at napapakita ito sa mga gawain ng pag-ibig (Jaime 2:14; 1 Cor 13:13). Kailangang lumago ang pananampalataya (2 Cor 10:15; 2 P 3:18) kasama ng pagkakilala sa Diyos. Kasama ang pag-ibig, ang pananampalataya ang saloobin ng taong **nananahan sa liwanag** (Rom 13:12; Ef 5:8; Col 1:12; 1 Jn 1:7, 2:9) at liwanag para sa mundo (1 Tes 5:5).

**214** **Pag-asa ang isinisilang ng pananampalataya** sa mga pangako ng Diyos (Ef 3:5-10; Heb 3:14, 6:11-20; 1 P 5:9). Umaasa tayo sa hindi natin nakikita (Rom 8:24; Heb 11:1) at di pangangahasang isipin (1 Cor 2:9; 2 P 1:4). Naniniwala tayong **tapat ang Diyos** (tingnan ang **40-44**). Nagtitiwala tayo sa Diyos na nakakapagpapanatili sa atin sa pananampalataya at pag-ibig (Fil 2:12; 1 Tes 5:23; 2 Tes 3:3; 1 Cor 1:8). Ang kahulugan ng pag-asa ay **pagtitiyaga at pagkamatatag** sa ating mga pagsubok (tingnan ang **204**, **217**).

**215** **Iniasa ng Israel** sa Diyos ang kasaganaan ng kanilang Lupain (tingnan ang **42**) at Kaharian ng Katarungan (tingnan ang **56**, **62**). Sa pagpapahayag ng Kaharian, ipinaaalaala sa atin ni Jesus na ang ating pag-asa ay may pagkasama-sama (Mt 22; Lc 22:28-30; Mt 25:31-40), ngunit binibigyang-diin din niya ang personal na bahagi ng pagliligtas (Mt 10:28.32), habang lumalago ang ating pananampalataya sa muling pagkabuhay (tingnan ang **92-93**).

Umaasa tayong **makibahagi sa kaluwalhatian ng Diyos**. Magiging

katulad tayo ng Diyos sapagkat makikita natin siya (1 Jn 3:2). Sama-sama tayong mabubuhay muli (1 Cor 15:23) upang makita ang Diyos (1 Cor 13:12) at bumuo ng isang katawan kay Kristo (Ef 2:16-22). **Sa Diyos lamang** natin matatagpuan ang kaligayahan (Mt 25:21; Pag 21:6), at ang sangkatauhan, ang hantungan nito (1 Cor 15:28; Pag 22:1-5). Ito ang **ating pamana**. (Lc 18:18; 1 P 1:4).

**216** Ang Kaharian ng Diyos ay sumasataong nabubuhay sa grasya ng Diyos. Kayat lahat ng nangyayari sa kanyang buhay, pati ang **mga materyal niyang pangangailangan**, ay may kaugnayan sa Kahariang ito ng Diyos at sa kanya mismong pag-unlad sa Kristiyanong pamumuhay. Sa pagiging anak ng Diyos, iniaasa niya sa Ama ang pang-araw-araw na tinapay (Mt 6:11) at humihingi siya ng kanyang mga kailangan (Fil 4:6) at ng mga pangangailangan ng mundo (Lc 18:1), sapagkat alam niyang paglalaanan siya ng Diyos ng lahat ng kailangan upang makapagbigay naman siya sa iba (2 Cor 9:9).

**217** Ang paghihintay sa **pagdating ni Kristo** ay nasa pinakasentro ng Kristiyanong pag-asa (Gawa 1:11). Ang pagdating, na tinatawag na "parusia" na ang kahulugan ay pagdalaw (Mt 24:27; 1 Cor 15:23; 1 Tes 3:13; 1 Jn 2:28; Pag 3:10) o pagpapakita (1 Tim 6:14; 2 Tim 1:10; Tit 2:13). Parang napakapamilyar sa mga Kristiyano noong unang panahon ang pagdating na ito: (1 Tes 4:13; Heb 10:25-27; 1 P 4:7; Jaime 5:8).

Nangangahulugan ang paghihintay na ito ng isang mapagbantay na saloobin (Lc 12:35-48; Mt 25:1): pagiging gising upang di mapalubog sa mga makamundong gawain at kasakiman (Lc 21:34; tingnan ang komentaryo sa Mc 13:33). Pinagiging **matatag** tayo at matiyaga sa mga pagsubok (Fil 3:10; Rom 8:17; tingnan ang **184**) at mga pag-uusig (Heb 12:2; 2 Tes 3:5; Lc 21:19; Mt 10:22; Pag 2:10, 3:21; 1 P 3:14). dinudulutan tayo nito ng **kaligayahan** kahit na sa pagdurusa (1 P 4:14; Mt 5:11). Pinagiging mahinahon tayo nito (1 Tes 5:8) at **walang pagkabahala** (1 Cor 7:29; Tit 2:12; 1 P1:13).

## 22. Pag-ibig

**220** Ang **pag-ibig** ay lakas na **galing sa Diyos.** Sa Diyos, kapareho ang pag-ibig ng panloob na pakikipag-isa ng Tatlong Persona ng Diyos (tingnan ang **143**). Napakita ang Diyos kay Moises bilang Siyang Umiiral at bilang Maawain (tingnan ang **32**, **39**). Gayunpaman, pagkakilala kay Kristo, sinasabi ni Juan na **ang Diyos ay Pag-ibig** (1 Jn 4:8).

**221** Sa Matandang Tipan, ipinakita ang pag-ibig ng Diyos habang nakikipag-usap siya sa mga tao. Nakita ng **Israel** kung paano siya hinirang at inakay ng Diyos (Slm 89, 105, 106, 107; Is 63:7), pinatawad (Ex 32:11-14) at tinubos (Is 40,41) at naunawaan niya ang selosong pag-ibig ng Diyos sa kanyang bayan (Is 5, 54:6-8). Habang namamalayan ng **mga propeta** ang patuloy na pagiging matalik ng kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos, nakita nila ang malakas na pag-ibig ng Diyos (Ez 3:8; Mic 2:8), isang malambing (1 H 19) at mapaghanap (Jer 15:10, 20:7) na pag-ibig sa kanyang mga kaibigan.

**222** **Pag-ibig sa Diyos** ang **unang utos** para sa Israel (Dt 6:1, 30) at mananatiling una ito para sa mga Kristiyano (Mc 12; 28).

**223** Nang dumating si **Jesus,** sinikap niyang ipabanaag ang kaisa-isang pag-ibig ng **Ama para sa kanyang Anak** (Jn 3:35, 5:20, 17:24; tingnan ang **117**). Sinagot naman ni Jesus ng ganap na pagsuko ang pag-ibig ng Ama (Mc 1:35; Mt 11:25) sa perpektong pagsang-ayon sa kalooban ng Ama (Heb 10:5; Jn 4:34, 6:38). Ipinakikita niya ang pan-Diyos na pag-ibig na bumubukal sa kanyang puso sa kanyang mga kaibigan (Jn 11, 13:1, 15:9-17, 18:8), sa mga dukha (Mc 1:40), sa mga makasalanan (Lc 7:36, 19:1), sa kanya mismong mga kaaway (Lc 23:34) at sa lahat ng tao (Mt 11:28; Gawa 10:38), upang maunawaan din nila ang pag-ibig ng Ama sa kanila (tingnan ang **137**). **Minamahal** natin **si Jesus**

sa pamamagitan ng pagtupad sa kanyang Salita (Jn 14:15-23) at pagtatakwil sa lahat para sundan siya (Mc 10:17-21; Lc 14:25).

**224** **Sa kanyang Pasyon** at kamatayan, naaabot ni Jesus ang tugatog ng pag-ibig. Pag-ibig sa Ama, sa **pagsunod sa kanya kahit hanggang** sa kanyang kamatayan sa krus (Mt 26:39, 27:46; Heb 4:15), habang walang-imik ang Ama, nililingap niya at pinatatawad ang lahat ng tao (Lc 23:28; Jn 19:26; Lc 23:34-43). Ibinibigay ni Jesus sa lahat ang lahat (Mc 10:45, 14:24; 2 Cor 5:14).

**225** Ang **pag-ibig sa kapwa** ay binabanggit sa maraming teksto ng Matandang Tipan (Lev 19:18; Dt 10:12). Gayunpaman, sa maraming bahagi ng Batas (Ex 20:12-17) at ng mga propeta (Am 1-2; Is 1:14-17, 10:2, 65:13; Jer 9:25; Ez 18:5-9; Mik 3:5) sinasabing hindi natin mabibigyang-kasiyahan ang Diyos nang hindi iginagalang ang kapwa, **binibigyang-katarungan**, pinalalaya sa pagsiil (Is 58) at itinataguyod ang pinakaaba (Ex 22:20-26, 23:4-12; Jer 9:4, 22:15; Kas 14:21; Sir 4, 25:1; Kar 2:10).

**226** Matalik na pinag-uugnay ni Jesus ang **dalawang pangunahing utos** (Mc 12:28-33). Ang pag-ibig sa kapwa ang siyang batayan ng Kristiyanong moralidad (tingnan ang **201** at **203**) hangga't sinisikap nitong tularan ang pag-ibig ng Ama, perpekto at maawain (Mt 5:48; Lc 6:36; Ef 5:1; 1 Jn 4:11) at tugon ito sa pag-ibig na unang ipinahayag ng Diyos sa atin (1 Jn 3:16, 4:10-19). Ang pag-ibig ay lakas na ibinigay sa atin ng Espiritu Santo (Rom 5:5) at binubuhay ito ng pagninilay sa walang-hanggang pag-ibig ni Kristo (Ef 3:18; 2 Cor 5:14).

**227** Sa bisperas ng kanyang Pasyon, binibigyang-diin ni Jesus ang pag-ibig sa isa't isa bilang **kanyang bagong utos**: Jn 13:12-15, 34-35, 15:9-13; 1 Jn 2:6-8.

**228** Ang **Kristiyanong pag-ibig** ay kaloob na walang hangganan, na naghahatid sa ating maglingkod sa isa't isa (Gal 5:13). **Pumupunta ito sa lahat** nang hindi isinasaalang-alang ang mga balakid ng lipunan (Mc 2:13; Lc 10:29, 14:13; Gal 3:28). Nakikita ito sa **pagpapatawad** (Mt 5:43, komentaryo at mga reperensiya, Mt 18:21) at hindi ito ipinagkakait sa kaaway. Ibinubunsod tayo nitong sikaping **unawain ang kapwa** at igalang ang kanyang mga kuru-kuro (Rom 12:15-18, 14:1-10), tiisin ang kanyang mga kahinaan (1 Cor 13). Ang pag-ibig na nakapagbibigay at nakatatanggap ang **nagtatayo ng Iglesya** (1 Cor 8:1; Ef 4:16; tingnan ang **196**) at umaakay sa atin patungo sa perpeksiyon (Fil 1:9).

## 23. Panalangin

**230** Sa buong Biblia, ang **panalangin** ay di-maihihiwalay sa **gawa**. Ang mga huwaran ng panalangin ay ang mga namumuno sa bayan ng Diyos. Ang pamamagitan ni **Moises** para sa Israel (Ex 17:8, 32:11, 33:12, Blg 11:11, 14:13). Binibigyan tayo ni Moises ng tularan para sa pamamagitan: ipinaaalaala niya sa Diyos ang kanyang **katapatan**; pinipilit siya ng kanyang sariling karangalan na huwag pabayaan, kundi patawarin, ang Israel. Ang panalangin ni David (2 S 7:18), Solomon (1 H 8:22-60), Ezekias (2 H 19:15), Judas Macabeo (1 Mac 5:33, 11:71; 2 Mac 8:29, 15:21), Ester (4:16), Judit (9:2). Panalangin **ng pagsisisi** ni Esdras (9:6), Nehemias (1:4), at Daniel (3:26, 9:4).

**231** Ang **panalangin ng pamamagitan** ay tangi sa mga propeta: naghahatid at pumipigil ng pangyayari ang kanilang salita at panalangin. Kaya tinawag na propeta si Abraham ay dahil sa kanyang kapangyarihang mamagitan (Gen 20:7) sa pagdarasal para sa Sodom (Gen 18:22). Gayundin sina Elias (1 H 18:36), Amos (7:1), Jeremias (10:23, 14:7, 37:3). Nadarama ng propeta na nahahati siya sa awa para sa bayang pinarusahan (Jer 14:19, 8:18, Ez 9:8) at silakbo ng damdamin para sa pinagtaksilang Diyos (Jer 2:3; Ez 16). **Pagharap** sa Diyos ang kanyang panalangin (Blg 17:6; Ez 13:5, 22:30).

**232** Ang panalangin din ay ang **patuloy na pakikipag-usap** ng mga propeta sa Diyos sa pinakaugat ng pagtawag sa kanila (Ex 4:5,22, 17:4; Jer

12:1, 15:10, 20:7), pakikipagtagpo nang harapan sa Diyos (Ex 33:18; 1 H 19:9).

**233** Ang **Mga Salmo** ang aklat ng mga panalangin ng bayan ng Diyos. Bumubukal ang panalangin mula sa mismong mga pangangailangan ng nagsusumamo, na hindi humihingi ng mga makalangit na bagay kundi ng tunay na kaligtasan na kailangan sa sandaling ito mismo. Ngunit ang panalangin ay palaging paglimot sa sarili upang purihin ang Diyos: Slm 47, 81, 89, 95, 98, 113, 117, 135, at di-paglimot na **nasa Diyos ang kanyang buong kapakanan**, paghiling na makita ang Diyos at makatahan sa kanyang Tahanan (Slm 16:2-3; 27:7, 63:2, 65:5, 73:24).

**234** **Nananalangin si Jesus** (Mc 1:35; Mt 11:25; Lc 22:32, 23:33; Jn 11:42) lalo na bago gumawa ng mahahalagang desisyon (Lc 3:21, 6:12, 9:18-29, 23:46; Mc 14:36; Jn 8:29). Tingnan din ang Heb 5:7, 7:25. Nagmimilagro si Jesus para sa mga **humihingi sa kanya nang may pananampalataya** (Lc 7:1; Mc 10:46) at **nagtitiyaga** hanggang asikasuhin niya sila (Mc 7;24). Sinasabi niya sa kanila na ganito ang paghingi sa Ama (Lc 11:5-13; Mc 9:23; 11:22). Ngunit itinuturo din niya sa atin na hilingin munang **masunod ang kalooban ng Ama** (Mt 6:10, 7:21, 12:50; Jn 4:34, 7:17). Sinasabi niya sa atin kung ano ang hihingin sa Ama at kung paano ito hihingin: ang **Ama Namin** (Mt 6:9; Lc 11:1 pati Mt 6:5).

**235** Ang panalangin ng **Iglesya ng unang panahon.** Sa Templo ng mga Judio (Lc 24:53; Gawa 3:1; 5:12) nang nakataas ang mga kamay (1 Tim 2:8) o nakaluhod (Gawa 9:40). Pananalangin nang sama-sama (Gawa 1:14; tingnan ang Mt 18:19) sa mga gipit na kalagayan (Gawa 4:24, 6:6, 12:5).

**236** Ang **mga sulat ni Pablo** ay may **mga paanyayang manalangin** (Ef 6:18; Col 1:3; 1 Tes 5:17; Rom 15:30; 1 Cor 7:5; 1 Tim 2:1, 5:5) at di-inihandang **pasasalamat** (Rom 8:31; 11:33, 16:25; 2 Cor 1:3; Ef 1). Para sa kanya, isang **pagpupunyagi** ang panalangin ng pamamagitan (tingnan ang **231**; Rom 15:30; Fil 1:30; Col 4:12 at kom. sa Col 2:1; tingnan din ang kom. sa Gen 32:23). Palaging katimbang ng pagsusumamo ang pasasalamat (Fil 4:6).

**237** Ang panalangin **sa ngalan ni Jesus** ay angkop sa nakikibahagi sa misyon ni Jesus at nagpapapatnubay sa kanyang Espiritu (Jn 14:12-13). Ito ang perpektong panalangin ng nakapagtakwil na ng sarili; hindi ito dala ng kasakimang pantao (Jaime 4:3) kundi **ibinigay ito ng Espiritu ng mga** inaring **anak** (Rom 8:15-26). Sa Ama iniuukol ang panalanging ito (Gal 4:6), at pinahahangad nito sa atin nang buong puso't kaluluwa ang gusto niya at ang makakapag-apura sa kanyang Kaharian. Humihingi tayo ng mga partikular na bagay (Mt 7:11), ngunit sa isa pang kahulugan, ang Espiritu Santo ang ating hinihintay (Lc 11:13). Nagbibigay-kaligayahan ang panalanging ito na palaging dinirinig (Jn 16:24).

**238** Iba pang mga teksto: 1 P 3:7, 4:7; Jaime 1:6, 5:16; Pag 5:8.

---

**24. Misyon at pag-eebanghelyo**

**240** Ang salitang **misyon** ay nangangahulugang **sinusugo** (kom. sa Mt 10:1). Si Jesus ang Siyang sinugo ng Ama upang dalhin ang Mabuting Balita sa Israel (Jn 3:17, 4:34, 6:38, 9:4, 10:36, 17:18; Mt 15:24), sa mga dukha at nahahapis (Is 61:1; kom. sa Mt. 5:1; Lc 7:22). Sa pag-alis sa mundong ito, sinusugo ni Jesus ang kanyang mga apostol (Jn 20:21; Mt 28:19; Gawa 1:8) at binibigyan sila ng kapangyarihan sa pamamagitan ng **mga tanda** ng Espiritu Santo (Mc 16:17; kom. sa Lc 10:1). Ang kahulugan ng **Apostol** ay **siyang sinugo** (Lc 6:13). Pagkatapos ng Labindalawa, patuloy na magsusugo ng mga apostol at misyonero ang Iglesya (kom. sa Lc 5:1). Kailangang suguin ng Iglesya ang isang tao, tulad ng pagsugo ni Kristo sa Labindalawa (Mc 3:13; Gawa 26:16, 13:2, 19:14).

**241** Ang gawaing pangmisyonero ay ang iisang gawain ng mga apostol at **ng Espiritu Santo** (Jn 14:26; Lc 24:49; Gawa 1:4) na magpapatotoo kasama nila (Jn 15:26). Pinasisigla ng Espiritu ang apostol (1 P 1:12), pagkatapos, pinararating ng salita ng apostol ang Espiritu sa kanyang mga tagapakinig. Ang sinumang tumatanggap sa mga apostol ay tumatanggap sa Ama at sa Anak (Lc 10:16).

**242** Ipinahahayag ng mga misyonero ang Ebanghelyo (ito ang Mabuting Balita). Sa salita ni Jesus, ang kahulugan ng Mabuting Balita ay ang **pagdating ng Kaharian ng Diyos** (tingnan ang **110-116**) at kasama nito ang maraming pagpapagaling na ginagawa ni Jesus (kom. sa Mt 9:35; Lc 7:22). Sa salita ng mga apostol, ang kahulugan ng Mabuting Balita ay ang katuparan ng mga pangako ng Diyos sa Israel (Gawa 13:32). Ito'y ang kaloob na kapatawaran at ang kaloob na Espiritu (Gawa 2:38, 3:26, 10:43, 13:38). Ang Mabuting Balita ay tungkol lahat sa **pagdating ni Jesus** (Mc 1:1) na nagdadala sa atin ng kapayapaan (Gawa 10:36; Ef 2:14). Para kay Pablo, ang Ebanghelyo ay ang **plano ng pagliligtas** ng Diyos para sa lahat ng tao (Rom 15:9; Ef 3:6) na ang sentro ay ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus (1 Cor 15:1). Kapangyarihan itong lumulupig sa mundo (Rom 1:16; Col 1:6).

**243** Ang pangangaral ng Ebanghelyo, kapag malugod na tinatanggap, ay nagdadala ng **pagsisisi** (Gawa 2:37-38, 3:19, 17:30, 26:20) at **pagbabago** (Mt 4:17; Mc 6:12 at **182**). Nakikita ng tao ang kanyang makasalanang kalagayan sa mundong napahamak (Gawa 2:40, 3:26) at nananampalataya siya sa kapatawarang iniaalok ng Diyos sa kanya sa pamamagitan ni Kristo (Gawa 5:31 at **160-164**). Ang **pagbabagong** ito **ng puso't** kalooban ay iba kaysa pagtalikod lamang sa mga bisyo (tingnan ang kom. sa Lc 3:7 at 7:24). Gawa ito ng Diyos (Ez 36; 1 H 18:37; Rom 2:4). Sa kabilang dako, kapag tinanggihan ang pangangaral, napapahamak ang mga tao at mga lipunan (Mt 11:20, 12:41; Mc 16:16).

**244** **Ang pag-eebanghelyo** ay hindi lamang pagpapahayag ng Ebanghelyo, kundi paggawa nitong Mabuting Balita, na nagpapalaya sa isang tao sa tunay na kalagayan niya sa buhay (kom. sa Mt 28:16). Pagpapagaling ng buong tao ang kahulugan ng Ebanghelyo. **Paglaya** sa mga di-matuwid na kuru-kurong panrelihiyon (Col 2:16-22; Gal 4:8-11) at sa mga balakid na panlipunan (Gal 2:11). Naghahatid ito ng pagbabago ng buong kultura at **lubusang pagpuna** sa kaayusang panlipunan (1 Cor 7:17-24). Naghahatid ito sa kahustuhan ng isip at pakikipag-ugnayan sa kapwa (Ef 4:14, 22-32).

**245** Ang mga nagpapahayag ng Ebanghelyo ay nagiging **mga saksi ni Kristo** (Gawa 1:8; Jn 15:27); ang tapat na saksi pagkatapos ni Jesus (Pag 1:5, 3:14) na dumarating sa mundo upang magpatotoo sa narinig niya sa Ama (Jn 1:18, 3:11) at kung sino siya (Jn 8:13; 1 Tim 6:13), ang mga apostol naman ang nagpapatotoo sa kanya (Jn 15:17, 20:21). Sa pamamagitan ng kanilang patotoo, nagpapatotoo ang Diyos (1 Jn 5:9).

**246** Ang kahulugan ng **martir**, sa Griyego, ay saksi. Tinatawag na martir ang isang taong nagdusa at nagbigay ng kanyang buhay para maging tapat sa kanyang patotoo (Pag 2:13, 6:9, 11:3, 17:6; Mc 13:9 at kom. sa Mt 10:16). Dahil sa pagkamuhi ng demonyo sa Iglesya, magkakaroon ng maraming martir (Pag 17:6). Sila ang mga tunay na nagtagumpay sa mundo (Pag 12:11).

---

## 25. Ang hinaharap ng mundo, Paghuhukom at Muling Pagkabuhay

**250** Lumalago ang **Kaharian ng Diyos sa mundo**: ang gawa ng Diyos na tulad ng **lebadura** (Mt 13:33) na may kakayahang baguhin ito at iligtas (Jn 3:16). Gayunpaman, **nasa kapangyarihan ng Masama** ang mundong ito (tingnan ang kom. sa Jn 3:11 at Jn 5:19) bunga ng pagkadapa ni Adan na nagpalayo sa kalayaang pantao (Jn 8:34; Rom 8:18). Sa pagkamatay ni Jesus, kahit papaano'y naalisan niya ng

kapangyarihan ang Masama (Mt 12:29; Jn 12:31). Gayunpaman, kung ang nakikita ang pagbabatayan, patuloy siya (ang Masama) sa pagiging maimpluwensiya (Mt 16:18) at pinakikilos niya ang isang malakas na agos na salungat sa katotohanan at katarungan (Jn 3:19) at **kinamumuhian** niya, higit sa lahat, ang mga saksi ni Kristo (Jn 15:18; Mt 10:16; Pag 12:17) at ang kanyang Iglesya (Pag 12:13). Ang salungat na agos na ito ay tinatawag, kung minsan, na "ang mundo" (Jn 16:33). Kung minsan naman, ang "mundo" ay tumutukoy sa mga hindi nakakaalam ng kanilang bokasyon bilang mga anak ng Diyos (Jn 14:19, 16:20, 17:23; 1 Cor 5:10). Tingnan din ang 1 Jn 2:15.

**251** Ang mga mananampalataya ay **nasa mundo nang hindi nagiging sa mundo** (Jn 17:15). **Nakalaang maglingkod** sa mundo ang Iglesya upang dalhin ito sa kanyang tunay na patutunguhan (Mc 16:15; Col 1:20). Hindi ito nakalaang maglingkod sa mga plano ng mundo ni sa mga pantaong huwaran ng kaligayahan, katarungan at kapayapaan, na palaging may hangganan (Lc 12:13.51) at nakakalimot sa tunay na kalagayan ng makasalanang sangkatauhan (Mt 4:1) at hindi nakakaunawa ng kaligtasan sa pamamagitan ng krus (Mt 16:23; Lc 24:26; 1 Cor 1:20).

**252** Gayunpaman, kung pagtutuunan natin ng pansin ang Matandang Tipan, madidiskubre natin ang isang **pan-Diyos na pagtuturo**. Upang maunawaan ng tao ang kanyang pan-Diyos na bokasyon, kailangang subukan niya ang mga ari-arian ng lupa at **ipaglaban ang mga huwarang pantao** (tingnan ang kom. sa Gen 13:7; Ex 3:16; Introduksyon sa 1 H; kom. sa Mt 5:1), mga huwarang may hangganan na unti-unting tutulungang linisin ng Diyos, at dalhin ang tao sa pagkaunawa ng misteryo ng krus (tingnan ang kom. sa Lc 24:13).

**253** Para sa kanyang sariling paglago at para na rin sa kapakanan ng mundo, **inilalaan** ng mananampalataya **ang sarili sa mga gawain ng mundo** (Mt 25:14; 2 Tes 3:10; 1 Tim 4:3; Tit 3:8; kom. sa Mc 3:33) at sa gayon **nakikipagtulungan siya sa Diyos na Maylikha** na patuloy na kumikilos at lumilikha (kom. sa Gen 1:28; Jn 5:7). Makaaasa ang Iglesya sa panahon ng kapayapaan at paglaganap ng Ebanghelyo (Pag 20:1). Makikita ang impluwensiya nito (kom. sa Mt 13:31) at manganganlong sa lilim nito ang lahat ng uri ng institusyong pantao (Mt 13:32). Gayunpaman, magkakaroon ng **pag-uusig** (tingnan ang **251**) pati **mga iskandalo** sa loob ng Iglesya. (Mt 13:47) Sa paglaban sa Iglesya, kakampi ang demonyo sa mga bulaang relihiyon (Pag 13:11) at mga rehimeng totalitaryo (Pag 13:2) at kung minsan, palalabasing siya ang nanalo (Pag 11:7, 13:14-17).

**254** Pagkatapos ng maraming krisis, darating ang panahon ng pangwakas na paghaharap (tingnan ang **124**) at ang panahon ng **Antikristo** (2 Tes 2:3-9; 1 Jn 2:18) bilang pambungad sa pagdating ni Kristo (Mc 13:26) at sa Muling Pagkabuhay (1 Tes 4:15; 1 Cor 15).

**255** **Ano ang magiging kapalaran natin** pagkamatay? Minsan lamang tayo mabuhay (Heb 9:27, 6:4-8; Lc 16:27) at nakasalalay ang ating kawalang-hanggan sa iisang buhay na ito. Sinabi na ng ilang aklat ng Matandang Tipan ang tungkol sa kabilang buhay: **83** at **90-93**.

**256** Ang ating kapalaran ay ang muling buhayin pagdating ni Kristo para hatulan ang mga nabubuhay at ang mga patay. Paano na tayo pagkatapos mabuhay muli? Anong klase ng katawan at pag-iral magkakaroon tayo? Tingnan ang Lc 20:27; lalo na ang 1 Cor 15. Higit sa lahat, ang pag-iral na ito ay pakikibahagi sa Kaluwalhatian ng Diyos, ang makita siya, mahalin siya, at baguhin sa larawan niya at pag-isahing espiritu sa kanya: 1 Cor 6:17, 13:12; 1 Jn 3:2. Gayunpaman, laging inilalarawan ang pag-iral na ito bilang isang sama-sama at masayang buhay: Mt 22, 25:1-30; Lc 22:30.

**257** Ang mga namatay ba ay hindi na mabubuhay hanggang sa huling araw ng

Muling Pagkabuhay? Mahirap na katanungan ito bago dumating si Jesus sa panahong kapapaniwala pa lamang ng mga Judio sa muling pagkabuhay ng patay: Dn 12:1-5 at 12:13. Ngunit malinaw ang pangangaral ng Bagong Tipan: Lc 23:43; 2 Cor 5:8; Fil 1:23; 1 P 4:6; Pag 14:3.

**258** Nagsasalita sa naglalarawang paraan ang Banal na Kasulatan tungkol sa mga tumanggi nang talaga sa pag-ibig ng Diyos. Bihasa tayong bumanggit sa: **impiyerno**, na kasing-pangwakas ng langit para sa mga hinirang: Mt 13:42; Mc 9:42; Lc 16:23; Pag 21:5.

**259** Walang makalalapit sa Diyos nang hindi pa nalilinisan ng lahat ng kasalanan at karumihan. Ano'ng nangyayari sa mga mananampalatayang namamatay sa grasya ng Diyos ngunit puno rin ng mga pagkakasala at pagnanasang pantao? Palaging ipinangangaral ng Iglesya na nagaganap ang paglilinis sa kamatayan o pagkamatay: 2 Mac 12:43; 1 Cor 3:15.